Ang Ikapitong Tatak

Salamat sa iyo, kapatid. Habang tayo ay nananatiling nakatayo, tayo'y manalangin.

2 Makapangyarihang Diyos, may akda ng Buhay, at tagabigay ng lahat ng mabubuting, mga espirituwal na kaloob, kami ay tunay na talagang nagpapasalamat ngayon para rito sa pinaka kamangha-mangha, namumukod tangi, isang panahon ng pagtitipon sa Iyong Presensiya; nagtatanda ng isang dakilang kahalagahan sa aming mga buhay, Panginoon, isang panahon na 'di namin kailanman malilimutan, kahit na gaano pa kami katagal na kailangang manatili. At idinadalangin namin, Diyos, na sa pagtatapos sa gabing ito... Napapansin namin ang Kasulatan, sa pagtatapos na araw ng kapistahan, si Jesus ay tumayo sa gitna nila at sumigaw, "Kung ang sinuman ay nauuhaw, hayaan siyang lumapit sa Akin!" At idinadalangin ko, Makalangit na Ama, na maulit muli iyan ngayong gabi, na marinig namin ang Tinig ng aming Panginoon na tumatawag sa amin, at tinawag kami tungo sa paglilingkod sa Kaniya, mas malapit na mga paglakad. Nadarama namin na narinig na namin ang Kaniyang Tinig, sa pagbubukas ng mga Tatak na ito, ipinapangusap na ito'y ang huling araw na, at ang panahon ay malapit na. Ipagkaloob ang mga pagpapalang ito na hinihiling namin, Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at para sa Kaniyang kaluwalhatian. Amen.

Makakaupo na kayo.

3 Nais kong idagdag ito, na, sa lahat ng mga gawain na nagkaroon ako sa aking buhay, naniniwala akong ang sanlinggong ito ang pinaka maluwalahating panahon sa buong buhay ko sa mga gawain. Kahit ano pa man ang nasa akin... Nakakita na ako ng mga dakilang himalang naganap, siyempre pa, noong una, at mga gawaing pagpapagaling, ngunit ito ay higit diyan. Naging isa ito sa mga dakilang pagkakataon, mga kahalagahan ng buhay ko, ay ang maparito. At nakikita na ang munting tabernakulo ay naging ganitong kakaibang ayos; hindi lamang iyan, ngunit sa loob ay nagkaroon ng isang kaibang ayos!

4 At, ngayon, tinatanong ko si Billy; napakatagal niya, sa pagdating at pagkuha sa akin. Sinabi niyang nagkaroon ng panibagong grupo na binautismuhan. Na, iyan ay umabot sa mahigit sangdaan, sa sanlinggong ito, ng mga taong nabautismuhan sa Pangalan ng ating Panginoong Jesus Cristo. Kaya, tayo ay—tayo ay nagpapasalamat ng lubos. At pagpalain kayo ng Diyos!

5 At, ngayon, kung kayo ay walang dinadaluhang iglesya, iniimbitahan namin kayo rito, upang pumarito at makipagtipon sa amin. Tandaan lamang na ang iglesya ay bukas. Kami ay hindi denominasyon, at ako ay umaasa at nagtitiwala na hindi ito kailan man magiging isang denominasyon. Isang pagtitipon lamang kung saan ang mga kalalakihan at mga kababaihan, at mga batang lalaki at mga batang babae, ay nagtatagpo-tagpo sa palibot ng mesa ng Diyos, at nagkakatipon-tipon sa palibot ng Salita, at mayroon tayong pagkakaisa sa lahat ng mga bagay.

6 Ngayon, at mayroon tayong isang napakabuting pastor, isang tunay na lalaki ng Diyos, at talagang nagpapasalamat ako para riyan. Kung matatandaan ninyo, ang isang pangitain, isang taon na ang nakalipas, ang Pagkaing iyan ay naimbak doon sa dako. At iya'y eksaktong tama. At tayo'y . . .

7 Mayroon na tayong dako ngayon, sapat, para sa Panglinggong pag-aaral na klase, para sa lahat ng mga edad, at tayo'y sadyang lubos na nagpapasalamat para sa pagkakataon na ito. Mayroong mga ilan na nagsabing, minsan, kung magkakaroon lamang sila ng Panglinggong pag-aaral na mga klase kung saan maipadadala nila ang kanilang mga anak. Ngayon, kayo, mayroon na sila ng mga ito ngayon. Kaya, ngayon, kaya pumunta lamang kayo at makasama sa amin kung kayo ay walang iglesyang dinadaluhan.

8 Siyempre, kung kayo ay may isang mabuting iglesya kung saan kayo'y pumupunta, at ipinangangaral ang Ebanghelyo, at iba pa, bakit, iya'y—iya'y panibagong grupo lamang namin, kita n'yo, kung saan pa. Ngunit kung kayo ay walang tinutuluyan, at kayo'y . . .

9 Nauunawaan ko ang ilan ay, ay lumipat mula sa ibang bahagi ng bansa, upang gawin ito na kanilang iglesyang dadaluhan. At talagang malugod namin kayong tinatanggap dito sa Salita ng Panginoon. At natatandaan ko, palagay ko, kapag ako ay umalis, sinabi ko sa inyo na—na ang mga gawain, sa ganang akin, ay magiging dito sa tabernakulo.

10 Hindi ko pa alam kung ano ang lahat na laan ng Panginoon para sa akin sa hinaharap. Ipinagkakatiwala ko iyan sa Kaniyang kamay, hindi ilang pamahiin o anumang bagay. Ako ay maghihintay lamang, sa araw-araw, para sa Kaniya upang pangunahan ako patungo sa dako kung saan ako ay mas higit na makakapaglingkod para sa Kaniya. At kapag Siya'y tapos na sa akin, kung gayon ako'y nagtitiwala na tatanggapin Niya ako sa Tahanan, na payapa.

11 At, ngayon, ako ay talagang nagpapasalamat para sa kooperasyon ng mga tao sa tabernakulo. Tulad ng sinasabi sa akin ni Billy sa sanglinggong ito, na, palagay ko, bawat tahanan na kumakatawan rito sa paligid ng tabernakulong ito ay may nakasama sa kanila. Sila ay nagbukas, ang inyong mga tahanan

at mga dako, at pinatuloy ang mga tao na walang anumang mapupuntahang dako. Ngayon, iya'y tunay na mga gawang Cristiano. At ang ilang mga tahanan ay sadyang nagpatuloy ng bawat tao sa bawat munting sulok na magagawa nila, upang bigyan ang mga tao ng isang dako upang tirahan.

12 Sapagkat, ito ay naging isang napaka hirap na pagkakataon, sa kadahilanang ito, isang uri ng pangyayari na nagaganap, tungkol sa pandaigdig na paligsahan, ilang uri ng basketball o anong bagay, at—at may mga reserbasyon na nagawa. Dagdagan pa ng isang malaking grupo mula . . .

13 Palagay ko, kumakatawan rito sa munting iglesyang ito, mga, nasa dalawampu't walo o tatlumpung mga estado ang kumakatawan mismo rito sa iglesya, maliban pa ang dalawang banyagang bansa, kaya, at ang munting rebaybal na ito. Kaya, iyan ay umukupa ng isang medyo malaking lugar, mismo. Parang . . .

14 Tinatanong ko sa araw na ito, sa ilang mga tao. Sabi ko, "Naunawaan kong walang masyadong mga taong taga Jeffersonville sa paligid, sa pagtitipon."

15 Mayroong nagsalita, sabi, "Hindi kami makapasok." Buweno, iyan, iyan nga ito. Iyan ang dahilan. Ilan sa mga pulis, at iba pa, ay gustong pumunta sa pagtitipon, ngunit sabi, nakikipag-usap sa paligid, sabi, ngunit sila ay dumating at hindi sila makapasok, na punong-puno na bago pa ang oras na magagawa nilang pumasok. Kaya sila ay nagkaroon ng panahon nila, marahil, pagkaraan, at sila ay hindi dumating. Kaya ngayon ang mga tao ay dumarating mula sa ibang mga dako, kaya tayo ay lubos na nagpapasalamat.

16 Ngayon, hindi ko alam. Ang susunod na bagay na susunod dito, ay ang Pitong Trumpeta, sa panibagong mensahe. Ngunit, sa mga Tatak, sa katunayan ang lahat ng bagay ay kasama na. Ang mga kapanahunan ng iglesya ay bumaba, una nating inilagay ang mga ito, na siyang pinaka—na siyang pinakamahalaga, ngunit ang . . . ng panahong iyan. Ngayon, ang pagbubukas ng mga Tatak ay nagpakita kung saan tutungo ang Iglesya, at paano Ito magtatapos. At ngayon, palagay ko, ang Makalangit na Ama ay talagang naging mapagbiyaya sa atin, dahil sa pahintulot na makita natin kung ano ang nasa atin.

17 At sasabihin ko ito, sa pagtingin sa mga lumang naitala na ipinangaral ko, maraming mga taon na ang nakakaraan, ako ay kapapasok pa lamang at sinasabi kung ano ang iniisip ko na tama, at nagpapatuloy. Iyon ay isang daan na lihis sa linya. At ngayon, lahat ng apat sa mga Tatak na ito, nakuha ko iyon ng mga dalawampung minutong sermon, lahat iyan. Ang apat na mangangabayo, ng Apocalipsis, pinagsama-sama ko silang lahat at sinabing, "Ang isang kabayo ay nagtungo sa maputi," sabi ko, "siguro iya'y ang—ang—ang sinaunang kapanahunan. At ang

sumunod na kabayo ay nagtungo sa taggutom," at pagkatapos ay nagpatuloy tulad niyan. Ngunit, naku, nang talagang nabuksan ang Salita, Iyan ay sangdaan milya ang layo mula roon.

18 Kaya, kailangan na tayo ay magmasid at maghintay. At marahil ito na ang panahon upang gawin niyan ito. Maaring mayroon ng maraming mga bagay na nasabi, na maaring hindi umaayon sa ibang mga tao. Ngunit ako ay naniniwala, kapag ang dakilang pagtatapos ng panahon ay dumating, at makatagpo natin ang ating Panginoon, masusumpungan n'yo na Ito ay tama. Ito—Ito—Ito nga talaga.

19 Ngayon, ang mga tao na mula sa labas ng bayan, mula sa palibot at iba't ibang mga dako, dumating mula sa iba't ibang mga estado at mga bansa, lubos kong pinasasalamatan ang kasinseruhan n'yo upang lakbayin ang lahat ng distansiya, at kunin ang mga bakasyon ninyo. At ang ilan sa kanila ay ni walang mga dako upang matirhan! Alam ko—ko, pagka't natulungan ko ang ilan sa kanila na makakuha ng dako na titigilan. Ni walang pera upang ipangkain, o anupamang ibang bagay, at kaya . . . at pumarito, papano't papaano man, umaasam ng isang bagay na magaganap, upang pangalagaan iyon. At sa gayong kalaking pananampalataya riyan, na kahit na kailangan nilang pumunta kahit walang pagkain, o ni isang dako upang tigilan, gusto nilang makapunta pakinggan ang mga iyon, yaong mga bagay na naganap, kahit paano. Iya'y talagang katapangan, alam n'yo. At lahat ng tao ay naging talagang isang-daang-porsiyento!

20 Nakita ko ang bayaw ko sa likuran doon, na siyang ang—ang . . . na gumawa ng paglalapat ng mga laryo ng iglesya, at iba pa. At sinasabi ko sa kaniya kung gaano ko pinasasalamatan ang kaniyang trabaho. Hindi ako isang— isang kantero ng laryo, o may nalalamang anuman tungkol doon. Ngunit alam ko kung ano ang isang parisukat na sulok, at kung iya'y nailagay ng tama.

21 At ang sabi niya, "Sasabihin ko sa iyo." Sabi niya, "Hindi nagkaroon kailanman ng gayong panahon, halos, na nakita mo ang gayong pagkakasundo sa gitna ng mga tao, nang silang lahat ay gumawang magkakasama."

22 Kapatid na Woods, Kapatid na Roberson, at lahat ay sadyang lumagay sa kanilang lugar, lahat ng bagay. At ang kapatid na lalaki na siyang—siyang naglagay ng akustika, ang . . . Ibig kong sabihin ay ang pampublikong-gamit sa pagsasalita at lahat ng bagay, sa iglesya. Ang sabi nila, "Lahat ng bagay ay sadyang gumana ng tama." Kapag mayroon silang kailangang anong bagay, may isang lalaki na nakatayo roon upang gawin iyon. Kaya iya'y . . . Ang Diyos ay nasa lahat ng buong programa. Kami ay talagang nagpapasalamat para rito.

23 Maraming mga malalaking tagapagkaloob sa iglesya, upang tumulong na gawin ito, tulad ng ating Kapatid na lalaking Dauch at Kapatid na babaeng Dauch na nakaupo rito, at marami pang iba na nagkaloob ng malaki para sa layuning ito. At palagay ko, mismo sa kasalukuyan, wala silang kulang kahit kaunti at lahat iyan ay binayaran. Kaya kami'y talagang nagpapasalamat ng lubos para riyan.

24 Tandaan, ito'y simbahan n'yo, dahil kayo ay lingkod ni Cristo. At iyan ang dahilan kung bakit ito'y naitayo rito, isang bukas na pinto upang gumawa ng mga lingkod, at para sa mga lingkod na mga lingkod na talaga ni Cristo, upang pumasok at masiyahan ang kanilang mga sarili sa pagtitipon kay Jesus Cristo. At gusto naming malaman n'yo na lahat ay malugod na tinatanggap.

25 At ngayon kapag naririnig ninyo ako minsan, sa ilalim ng panahon ng pagpapahid, parang tipong kinakalaykay pababa ang tabing sa organisasyon, hindi ko—hindi ko ibig sabihin iyan laban sa pastor n'yo, o laban sa kanino mang kapatid na lalaki, kapatid na babae, sa iglesya. Dahil, kahit papano, ang Diyos ay may mga tao sa bawat organisasyon na naroon. Ngunit hindi Niya tinatanggap ang organisasyon; tinatanggap Niya ang indibidwal sa organisasyon. At ang . . . Hindi ito nangangailangan ng isang organisasyon.

26 Samakatuwid, kapag ang mga tao ay masyadong natali sa paligid ng organisasyon, kung gayon ay hindi sila makakita ng anu pa man kundi kung ano lamang ang sinasabi ng iglesyang iyan, kita n'yo. At iyan ay gumagawa ng pakikipaghiwalay sa iba, at iya'y isang sistema na hindi kinalulugdan ng Diyos, at iya'y isang makamundong gawaing hindi kailanman itinalaga ng Diyos.

27 Kaya, ngayon, wala akong ibig sabihing sino mang indibidwal. Katoliko, Hudyo, anuman marahil iyan, o—o Metodista, Baptist, Presbiteryano, anumang organisasyon, walang mga organisasyon, at—at mga 'di-makadenominasyon, at lahat, ang Diyos ay may mga anak Siyang nakaupo roon. Kita n'yo? At maraming pagkakataong naniniwala akong sila'y naroon sa labas doon dahil sa isang layunin, upang magbigay Liwanag, hilahin palabas yaong mga itinalagang mula sa lahat ng palibot sa lahat ng dako. At—at sa dakilang araw na iyon, makikita natin kung gayon, ang Iglesya ng Panginoong Jesus Cristo ay tatawagin sa—sa dakilang panahon ng pagtitipon sa alapaap, at lahat tayo'y paiitaas upang salubungin Siya. At ako'y—ako'y naghihintay para sa oras na iyan.

Ngayon, mayroong masyadong maraming maaring sabihin!

28 At sa gabing ito, sa kahuli-hulihang, pagtatapos na gabi, tulad ng nakagawian, lahat ay . . . Sa isang gawaing pagpapagaling, natagpuan ko, sa ilalim ng mga pag-asam para

sa mga dakilang bagay na magawa sa gawaing pagpapagaling, na gumagawa sa kanila ng isang tensiyon, niyerbiyos. At tapos ay nakatagpo ako ng gayun ding bagay sa gabing ito, na ang lahat ay nasa ilalim ng pag-asa na makita kung paano . . . At bawat gabi, iya'y nasa gayong paraan, para sa pagbubukas ng mga Tatak na iyan.

29 Ngayon gusto kong gawin itong talagang malinaw. Sa bawat pagkakataon, sa bawat pagkakataon na ang mga Tatak na ito ay dumating sa lugar; lahat ng bagay na pinaniwalaan ko sa Kanila, at nabasa sa ibang mga tao, ay salungat sa kung anong dumating sa akin sa silid.

30 At ang isip ko, sa oras na ito . . . Ang dahilan na ginanap ko ang gawaing pagpapagaling na iyan sa umagang ito, sapagkat ang kaisipan kong pantao ay nagiging napaka layo mula sa sarili kong paraan ng pag-iisip. Sinikap kong manatili sa isang—sa isang silid na ang mga tabing ay nakaladlad pababa, at isang ilaw ang nakasindi. Ito ang ikawalong araw. At ni hindi pa man lang nakasakay sa sasakyan ko, upang—upang pumunta sa kung saan.

31 Kailangan kong sumama sa ibang kapatid na kalalakihan, doon sa mga bangko, upang pumirma ng ilang mga maikling sulat at mga bagay, sa salapi at mga bagay na nahiram para sa iglesyang ito. Ngunit ako—ngunit ako ay deretsong bumalik din agad, at nagtungo kaagad sa pag-aaral.

32 At ang kakatwang bagay, walang ni isang tao ang nagsabi ng anumang bagay. O, dati-rati, sila'y kumakatok, at humihila, at sa palibot. Wala ni isang bagay. Iya'y naging napaka pambihira.

33 Kung saan ako'y kumakain kina, kina Kapatid na Wood. Kadalasan ang dakong iyan ay laging puno ang paligid ng mga sasakyan. At sila ay may walo o sampung iba't ibang tao na darating upang manatili kasama nila tuwing ganitong oras, at wala ni isa sa kanilang dumating.

34 Pagkatapos, sa umagang ito, hinding-hindi ko malilimutan ang umagang ito, ang biyaya ng ating Tagapagligtas sa Kaniyang pagod, at pagal na lingkod. Nang, ako ay nakasagot ng isang katanungan ng isang mahirap na tao, at, sa abot ng aking pag-iisip, iniisip na nagawa ko ang tama. At, bigla na lang, parang ako ay—ako ay kumuha ng isang bagay palayo mula sa isang bata, ako ay labis na nakonsensiya, at hindi alam kung ano iyon. At naisip ko, marahil ang pagpipilit ko na magkaroon ng gawaing pagpapagaling na iyan, marahil isang taong napaka-lubha ng sakit, na kailangang ipanalangin mismo noon. At tinanong ko ang mga tagapakinig. Sa ilang minuto, iyon ay nahayag. At may nagsabing, "Hindi mo ba babasahin ang iyong—babasahin ang iyong teksto?" o isang bagay. At sa pagkakataong iyan, pinulot ko ang munting piraso ng papel at binasa iyon muli, tiningnan kung anong sinabi niyon. At

tumingin sa Aklat, at iyan sa kabuuan ay magkaiba, ang katanungan na sinasagot ko. Kita n'yo?

35 Maari ko bang ipasa ito sa inyo. Kapag ang Supernatural ay pumasok, iya'y ang kaisipan ni Cristo. Ikaw ay nagiging napakalayo mula sa iyong sariling pag-iisip, hanggang, sa iyong sariling kaisipan, Ako . . . Ito, kayo . . . Hindi ko . . . Huwag n'yo ako hayaang subuking ipaliwanag iyan, sapagka't hindi ko magawa. Kita n'yo? Hindi ko magagawa iyan. Walang sino man na makagagawa nito.

36 Paanong ang taong iyan, iyan ay ang Elias, tumayo sa taas roon sa bundok, sa ilalim ng Presensiya ng Diyos, at humatak ng apoy pababa mula sa langit, at pagkatapos ang ulan kaagad sa likod ng apoy? At pagkatapos ay isara ang kalangitan, at hindi umulan sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, at tumungo agad pabalik at tawagin ang ulan, sa araw ding iyon! At sa ilalim ng pahid na iyon, paano . . . At kumuha ng apat na raang mga saserdote palabas at pinagpapatay sila; at pagkatapos ay tumakbo sa ilang, sumisigaw dahil sa kaniyang buhay, sa pagbabanta ng isang babae. Kita n'yo? Si Jezebel, ay sumumpa na kukunin niya ang kaniyang buhay. Nang, si Ahab at lahat sa kanila ay naroon, upang makita ang Presensiya ng Diyos at ang dakilang makapangyarihang gawa na naganap. Kita n'yo, kaniyang . . . Iniwan siya ng Espiritu. Sa kaniyang natural na paraan ng pag-iisip, hindi niya alam kung paanong mag-isip, kita n'yo. Hindi siya makapag-isip para sa kaniyang sarili.

37 At, tandaan, pinatulog siya ng Anghel, at pinagpahinga siya. Ibinangon siya, binigyan siya ng ilang mga keyk; pagkatapos ay pinatulog siyang muli, at pinagpahinga siya; at ibinangon siya, at binigyan siya ng ilang mga keyk muli. At hindi natin alam kung anong nangyari sa lalaki, sa loob ng apatnapung mga araw. Pagkatapos siya ay hinila pabalik sa isang kuweba, kung saan, at tinawag siya ng Diyos.

38 Huwag tangkaing ipaliwag iyan sa Supernatural. Hindi n'yo magagawa iyan. Kita n'yo? Ang tanging bagay lamang na dapat gawin, ay magpatuloy lamang pasulong. At sinikap kong gawing malinaw ang sarili ko sa makakaya ko, ngunit mula simula ngayon ako'y . . . Palagay ko ay hindi ko na susubukan pa itong muli. Ganap na maniwala lamang kayo, o hindi. At ako'y . . . Makikita n'yo, maya-maya pa ng kaunti, bakit.

Ngayon, sinikap kong maging tapat. Alam iyan ng Diyos.

39 At ang katanungan na iyan kaninang umaga. Sinisikap kong sagutin iyan ng kasing tapat ng nalalaman ko kung paano. Binasa ko lamang ang unang bahagi ng talata, at iyan ay isang . . . maaring hindi naging tama. Ngunit ang Banal na Espiritu, nauunawaan na ako . . . ang pag-iisip ko . . . Kita n'yo, tingnan, ang huling dalawa o tatlong mga araw, kung ano nga'ng nagaganap. Kita n'yo, ako—tinawag ko na pitong daan . . .

"pitong libo," pitong daan. Kaninang umaga, sinisikap, at iyan ay nakuha ng mga karamihan, kita n'yo, at iyan ay nagpapakita na kayo ay nagbabantay. Ngayon, isa pa, kung saan sinisikap ko na sabihing "ang kalapati," at tinawag ko iyan na ang cordero; ngunit nakuha ko kaagad iyan. At pagkatapos, dito, isa na hindi ko nakuha riyan, ang Banal na Espiritu ay bumaling agad pabalik at tinawag ako patungo roon.

40 Iya'y isang dobleng pagpapatibay na ang mga bagay na ito ay tama. Sila'y . . . Ang Diyos ay nagmamasid, upang tingnan na Ito'y tama. Iya'y tama. Nais Niya. Nais Niyang malaman n'yo na Ito ang Katotohanan.

41 Siya ang Isa na nagpapadala Nito, pagka't tiyak na iyan ay hindi . . . Ito ay sadyang kasing halaga sa akin, isang pag-aaral, tulad ng ito ay gayun din sa inyo. At kaya tayo ay . . . Ako'y lubos na nagpapasalamat para sa—sa—sa kaalaman, upang malaman ngayon ang sa Panginoon, kung anong oras ang kinabubuhayan natin; kita n'yo, nabubuhay mismo sa huling kapanahunan, bago ang paglisan ng Iglesya. Ngayon sadyang . . .

42 Tayo ay nag-uusap, kaya hilingin lamang natin muli ang Kaniyang mga pagpapala sa Salita.

43 Aming Makalangit na Ama, heto dumating ang dakilang gabing iyan, isang dakilang oras na kung kailan ang isang dakilang bagay ay naganap. Ito'y nasa palibot ng mga tao. At, Ama, idinadalangin ko na sa gabing ito iya'y mahayag, na walang anumang anino ng pag-aalinlangan, sa mga puso at isipan ng mga tao, na kanilang maalaman na ang Diyos ay nasa Luklukan pa rin, at na minamahal pa rin Niya ang Kaniyang mga tao.

44 At iyan ang oras, oras na minimithi ng mundo na makita, ay papalapit ngayon, pagka't iyan ay sumisigaw para sa katubusan. Nakikita namin ang mga elemento na nahahanda upang dalhin iyan pabalik. Nakikita namin ang mga elemento na nahahanda upang dalhin ang Iglesya patungo sa Presensiya ni Cristo. Nakikita namin ang—ang Nobya na naaanyuhan, isinusuot ang damit pangkasal, naghahanda. Nakikita namin ang mga liwanag na kumikislap-kislap. Nalalaman naming kami'y nasa katapusan na.

45 Ngayon, Makalangit na Ama, habang ito ay sumusulong ngayon upang mangaral, o upang magturo hinggil rito sa dakilang, makapangyarihang pangyayari na naganap sa Kaluwalhatian, mga dalawang libong taon na ang nakalilipas, at naibigay sa dakilang pinakamamahal na apostol, Juan. At sa gabing ito kami'y mangungusap tungkol Dito. Hayaang ang Banal na Espiritu ay lumapit ngayon sa Kaniyang malakas na Kapangyarihan ng kapahayagan, na Kaniya nawang ihayag sa amin ang bagay na iyan na ibig Niyang malaman namin, tulad ng Kaniyang ginawa sa ilang huling mga gabi. Ipinagkakatiwala

namin ang aming mga sarili sa Iyo, kasama ng Salita, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

46 Ngayon, kung nais ninyong buksan, marahil, sa mga Biblia ninyo. At ito ay isang maikling talata lamang, isang talata ng Kasulatan. Ngunit, ito ay ang huling talata, ito'y matatagpuan . . . huling Tatak, pala.

Ngayon, kagabi tayo ay nangungusap sa Ikaanim na Tatak.

47 Unang Tatak, ang anti-cristo ay ipinakilala. Ang kaniyang panahon ay nagpatuloy, at nakita natin kung paano siya lumabas.

48 Paanong ang Hayop na ipinakilala, sa Kapangyarihan ng Diyos na lumabas kasabay ng anti-cristong kapangyarihan, upang labanan ito! Hindi ako naniniwalang magkakaroon pa ng isang katanungan sa isipan ng sino man tungkol doon.

49 Pagkatapos natuklasan natin, na kaagad-agad makaraan iyan, ang kapanahunang iyan ng iglesya, yaong mga Hayop ay nagtungo.

50 Pagkatapos niyan, natuklasan natin, binago natin, ang buong larawan doon, wala nang Hayop pa na lumabas. Kita n'yo? Ngunit, iyan ay nagpapakilala, lumalapit, patungo sa panahon ng Kapighatian, makaraan na ang Iglesya ay lumisan.

51 Gaano ito tumugma sa mga kapanahunan ng Iglesya! Wala akong nakikitang isang katiting, isang bagay na hindi tumugma ng ganap na ganap, maging sa mga kapanahunan at lahat ng bagay, at ang mga panahon. Isipin iyan. Iyan ay nagpapakita, iyan ay ang Diyos na gumawa niyan. Hindi iyan maunawaan ng pantaong kaisipan. At ngayon natuklasan natin na iyan, din, tayo . . .

52 Hinayaan tayo ng Panginoon na kunin ang Kasulatan, ang Banal na Kasulatan, kung anong sinabi ni Jesus na magaganap. At kung paano nga natin iyan natagpuan? At dito, dumating at inihayag, at dinala iyan ng sadyang tamang-tama. Ang sermon Niya roon, sinasagot iyan, inilabas ng eksakto sa punto, anim sa mga Tatak, ngunit nilaktawan Niya ang Ikapito. Kita n'yo?

53 Pagkatapos nang mabuksan ang mga Tatak, ang Diyos, pansinin dito, nilaktawan Niya ang paghahayag ng kahit anumang simbolo ng Isang Ikapito. Kita n'yo? Iya'y isang ganap na lihim sa Diyos. Pansinin. Ngayon babasa tayo sa Biblia, sa—sa Ikapitong Tatak. Iya'y matatagpuan sa Apocalipsis, ang ika-8 kabanata.

> *At nang buksan niya ang ikapitong tatak, ay nagkaroon ng katahimikan sa langit na may* kalahating *oras.*

54 At iyan ang lahat na mayroon tayo riyan. Ngayon mapapansin natin.

55 At sisikaping huwag masyadong magpakatagal, pagka't marami sa inyo ang maglalakbay, pa, ngayong gabi, pauwi. At naisip ko muli, ang pagkakaroon ng gawaing pagpapagaling kaninang umaga, na hahayaan kayong makaalis sa umaga, hindi na kailangang maghintay pa. At ngayon tayo . . .

56 At ako, rin, kailangan kong maglakbay patungong—patungong Tucson, Arizona, kung saan ako nakatira. At iyan ang tahanan ko ngayon. At pagkatapos nais kong—kong magbalik dito, sa kalooban ng Panginoon, pabalik . . . Ang pamilya ay nais na bumalik para sa ilang mga araw sa Hunyo. At, ngayon, marahil ay makikita ko kayong lahat dito, sa pagtitipon sa panahong iyon.

57 Ang susunod ko na nakatakdang gawain ay Albuquerque, New Mexico. Palagay ko iya'y ang ikasiyam, ikasampu, at ikalabing-isa. Ako'y paroroon ng Huwebes at Biyernes Santo. Kaya, kailangan kong ganapin ang buong bagay, at mayroon pa akong ibang mga nakatakdang gawain kung saan hindi ko magagawa iyan hanggang sa panahong iyon, kaya kukunin ko ang Huwebes ng gabi at Biyernes ng gabi, sa Albuquerque, New Mexico.

58 At pagkatapos—at pagkatapos ang—ang susunod, naipaalam, malapit, ay malamang. Hindi pa namin alam kung tiyak. Iya'y magiging sa mababuti kong mga kaibigan, ang—ang grupo ng *The Midnight Cry*, sa . . . doon sa Southern Pines, North Carolina.

59 At nasa telepono sila roon ngayon, kung saan, nagpadala sila ng mga telegrama, mensahe, at lahat na, at padating na rito, para sa panibagong grupo, sa Little Rock; sa mga taong Jesus' Name na pinagganapan ko ng mga pagtitipon, doon sa Cow Palace noong nakaraang tag-init. Idaraos nila ang kanilang kombensiyon sa Little Rock, Arkansas. At sila ay, mula pa noong nakaraang taon, nagnanais kahit isang gabi. O, nais ang kabuuan niyon, ngunit sila ay handa kahit para sa isang gabi. At kaya sinabi ko sa kanila, na hindi alam kung ano lamang ang gagawin, sinabi kong maaari nilang ipaanunsiyo ito, "malamang." Pagkatapos ay ipapa-alam nila ito ng kaunti sa bandang huli.

60 Katatawag lang ba niya? Uh-huh. Mabuti. Anong sabi? [Isang kapatid na lalaki ang nagsabing, "Hot Springs."—Pat.] Hot Springs, iyan ba? Ako ay nagkamali. ["Ikadalawampu't apat."] Ikadalawampu't apat ng . . . ["Mayo."] Mayo? [May nagsabing, "Ikadalawampu't apat hanggang ikadalawampu't walo ng Hunyo."] Ikadalawampu't apat hanggang ikadalawampu't walo ng Hunyo. Ngayon iya'y naianunsiyo na, "Malamang," iyan ay, "kung iyan ang kalooban ng Panginoon." Kita n'yo? Ako'y . . .

61 Heto ang dahilan kung bakit nais kong gawin ang mga bagay na iyan. Malalaman ninyo maya-maya ng kaunti, ngayon, kita n'yo. Kapag ako ay pumunta sa isang dako, gusto kong ituntong ang mga paa ko roon, nalalaman na sinabi ng Diyos na, "Pumunta ka roon." Pagkatapos kung ang kaaway ay tatayo kung saan, sasabihin kong, "Ako ay naparito sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Umurong ka lamang!" Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? At kayo'y—kayo'y tiyak, sa inyong kinatatayuan, kita n'yo. Kapag isinugo Niya kayo kung saan, pangangalagaan Niya kayo. Kita n'yo? Ngunit kung kayo ay tutungo, na nagbabaka-sakali lamang, kung gayon ay hindi ko alam; maaring wala Siya roon. Kaya ako—nais kong maging tiyak tulad ng magagawa ko. Marami na akong kinuha na hindi Niya sinabi na kunin ko, ngunit ako—ibig kong maging kasing tiyak kung maari. Pagpalain kayong lahat ng Panginoon ngayon.

62 Ngayon, ngayon napansin natin, ito bilang isang talata lamang dito, nais nating gumawa ng isang bagay lamang na kaunti—na kaunti pa bago rito. Napansin n'yo, nilaktawan natin ang ika-7 kabanata. Ang ika-6 na kabanata ay nagtapos na Ikaanim, ang Ikaanim na Tatak. Ngunit, sa pagitan ng Ikaanim na Tatak at Ikapitong Tatak, may isang bagay na naganap. Kita n'yo? At gaano—gaano kagandang sadyang nalagay iyan sa tamang kalalagyan niyan, sa pagitan ng, ika-6 at ika-7 kabanata. Ngayon pansinin n'yo sa ika-7 kabanata, pansinin natin, sa pagitan ng Ikaanim at Ikapito, may isang patlang. Isang patlang, sa pagitan, ng ika-6 at ika-7 kabanata ng Aklat ng Apocalipsis, at iya'y sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak na ang patlang na ito ay naibigay. Ngayon gusto nating pansinin ito. Napaka halaga na mapansin natin ang munting panahong ito.

63 Ngayon tandaan, makaraan ang ika-4 na kabanata ng Apocalipsis, ang Iglesya ay wala na. Makaraan ang—ang apat na mangangabayo ay lumabas, ang Iglesya ay wala na. Kita n'yo? Lahat ng bagay na naganap sa Iglesya, ay naganap hanggang sa ika-4 na kabanata ng Aklat ng Apocalipsis. Lahat ng bagay na naganap sa pagkilos ng anti-cristo, ay nagtungo hanggang sa ika-4 na kabanata. At ang Ikaapat na Tatak ng Apocalipsis, kapwa para sa anti-cristo at kay Cristo, ay nagtapos. At ang anti-cristo ay dumating sa kaniyang wakas, at kasama ang kaniyang hukbo; at si Cristo ay dumating kasama ng Kaniyang hukbo.

64 Ito'y isang matandang labanan na nagsimula pa noon, wala pang panahon. At pagkatapos sila ay. . . Si Satanas at ang kaniyang mga anghel ay pinalayas, at pagkatapos sila ay dumating sa daigdig. At ang labanan ay nagsimula muli, sapagka't sinira ni Eva ang halang mula sa kung saan siya nakabukod, sa likod ng Salita ng Diyos. At mula sa mismong oras na iyon, napanalunan ni Satanas ang labanan sa Salita ng Diyos, sapagka't isa sa Kaniyang mga nasasakupan, ang mas mahina, ay ibinaba ang mga rehas. At iyan eksakto kung paano

niya napagtagumpayanan ang laban sa bawat panahon, ay dahil isa sa Kaniyang mga nasasakupan ay naging maluwag sa Salita.

65 At ito ay nagawa sa huling kapanahunan ng iglesyang ito, sa pamamagitan ng isang sistemang organisasyonal. Na, ang totoong, tunay, banal na iglesya ng buhay na Diyos, na may sinungaling na mangangabayo, ay ayaw tanggapin ang Salita, at ibinaling ang iglesya mula sa Salita patungo sa dogma.

66 Ngayon, gaano karami ang nakakaalam na iyan ay ang dogma kung saan natatag ang Romano Katolikong iglesya? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Inaamin ba nila iyan? Lubusan. Tiyak. Talaga, inaamin nila iyan. Hindi lang iyan. Ang Katoliko, tiyak, hindi makasasakit ng kanilang mga damdamin kahit kaunti, sapagka't alam nila iyan. Nagdagdag lamang sila ng isang panibago, dito hindi pa katagalan ang nakalilipas, na si Maria ay nabuhay na maguli. Natatandaan n'yo iyan, dito ilang taon na ang nakakaraan, mga sampung taon na. Gaano karami ang nakakaalala niyan? ["Amen."] Pahayagan, doon. Tiyak. Kita n'yo? Lahat ng bagay, ang bagong "dogma." Kita n'yo, lahat iya'y dogma, hindi Salita. Kita n'yo?

67 Isang pari, sa isang panayam kamakailan, sabi niya, "Ginoong Branham," sabi niya, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesya."

Sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita."

Ang sabi niya, "Hindi tayo dapat na magtalo."

68 Sabi ko, "Hindi ako nakikipagtalo. Ako ay gumagawa lamang ng isang pahayag. Ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita. Iya'y tama. 'Sino man na mag-aalis ng anumang bagay palayo mula Rito, o magdagdag ng anumang bagay Rito,' sabi ng Salita."

69 Ang sabi niya, "Buweno, ang Diyos ay nagbigay . . . Binigyan ni Cristo ang Kaniyang Iglesya ng kapangyarihan, at sinabi sa kanilang: anuman ang kanilang talian sa lupa, ay matatalian sa Langit; at ano . . . "

Sabi ko, "Iyan ay eksaktong Katotohanan."

70 Ang sabi niya, "Kami ay mayroong, sa . . . batay sa prinsipyong ito, na kami ay mayroong kapangyarihan upang kalagan ang kasalanan."

71 At ang sabi ko, "Kung gagawin n'yo iyan ayon sa paraang iyon na ibinigay sa Iglesya, at sa paraan na ginawa nila iyan, tatanggapin ko iyon. Kung ginagawa n'yo, may tubig dito, upang 'bautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan,' kita n'yo, hindi sa pamamagitan ng isang taong magsasabi sa inyong ang mga kasalanan n'yo ay pinatawad na." Kita n'yo? Kita n'yo? Iya'y tamang-tama.

72 Tingnan si Pedro na hawak ang mga susi, sa Araw ng Pentekostes. Tandaan, hawak niya ang mga susi na sinasabi nila. At ang—ang mga tao ay nagsabing, "Mga kalalakihan at mga kapatid, ano ang aming gagawin upang maligtas?"

73 Sabi ni Pedro, "Magsisi, ang bawat isa sa inyo, magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." (para sa ano?) "para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at kung magkagayo'y tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagka't ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon na ating Diyos." Iya'y tama. Kaya iyan ang nag-ayos nito magpakailanman. Ito'y tapos nang lahat. Ginawa niyan iyon.

74 Ngayon, ngunit, nakita n'yo, ang anti-cristo ay pumasok, tulad ng pagka-salarawan natin nito at ipinakita ito. Anong kapahayagan! Naku, naku! At ang isipin na, sa lahat ng mga taon na ito, nakita natin na iyan ay kumikilos. At dito ito'y lubusan, direktahang, GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

75 Ngayon, at napansin natin ang pagitan na ito ngayon, sa pagitan, ng ika-6 at ng ika-7 kabanata. Ngayon, ang ika-7 kabanata ng Apocalipsis, narito ang isang—isang . . . naghahayag ng isang pangyayari. Ito'y hindi narito na walang dahilan. Ito'y hindi inilagay lang, sa pagitan nito, na walang dahilan. Kita n'yo? Ito ay narito para sa isang layunin, at ito'y isang kapahayagan na naghahayag ng isang bagay. Pansinin kung gaano kahiwaga at gaanong batay sa matematikang ito ay tumutugma mismo sa Kasulatan! Kita n'yo? Tamang-tama.

76 Naniniwala ba kayo sa matematika ng Diyos? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Kung hindi kayo naniniwala, siguradong kayo ay nawawala sa . . . Tiyak ngang mawawala kayo sa Salita, kung sisimulan ninyong maglagay ng isang apat o anim, o—o isang bagay, liban pa sa mga salitang matematika na tumatakbo sa kaayusan. Tiyak na magkakaroon kayo sa inyong tagpo, ng isang baka na kumakain ng damo sa tuktok ng isang punong kahoy, kung saan. Tiyak na mauubusan kayo. Sapagka't, ang Diyos ay hindi . . . Ang Kaniyang buong Salita ay ganap na tumatakbo sa—sa—sa matematika. Opo, ginoo. Sakdal, ang pinaka sakdal! Wala nang iba pang literatura na naisulat tulad Nito, tulad Nito, talagang walang kamali-mali sa mat-matematika.

77 Ngayon, ang—ang ika-8 kabanata ay naghahayag lamang ng kaganapan ng—ang kaganapan ng Ikapitong Tatak, kung saan wala nang iba pa na nahayag, ngayon, wala na. Hindi nahayag sa Ikapitong Tatak . . . ngayon, walang kinalaman sa ika-7 kabanata ng—ng Apocalipsis. Ang paghahayag nito, ng Ikapitong Tatak, ay ganap na katahimikan. At kung mayroon

lang akong panahon . . . Susubukan ko ang ilang dako, upang maipakita sa inyo.

78 Sa simula pa noon pabalik, mula sa Genesis, itong Ikapitong kaban- . . . o itong Ikapitong Tatak ay—ay—ay ipinangusap na. Mula sa pinaka pasimula, sa Genesis, itong Ikapitong Ta- . . .

79 Ang mga Tatak na ito ay nagpatuloy na dumating. Hindi n'yo ba natatandaan, sa umagang ito, dinadala ang mga bagay na ito? At pagmasdan, ngayong gabi, inihahatid sila. At mapag-aalaman n'yo, nang dumating ito sa Ikapitong Tatak, siya ay naputol. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri ng minsan—Pat.] Oo.

80 Si Jesus Cristo, sa pagsasalita, Siya mismo, ay nangusap patungkol sa huling panahon. At ng Siya ay . . . Sinabi lahat ang anim na mga Tatak. Nang Siya ay makarating sa Ikapito, Siya ay tumigil. Hayan nga iyan, kita n'yo. Ito'y isang dakilang bagay.

81 Ngayon, ngayon, tayo'y mangungusap dito ngayon hinggil dito sa ika-7 kabanata, sandali lang, upang—upang tipong pagtulayin iyon dito, sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak. Sapagkat, iyan lamang ang tanging materyal na mayroon tayo upang magpatuloy, sa ngayon, ay ang Ikaanim . . . sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak, ay ang pagtawag palabas sa Israel.

82 Ngayon, ako ay may maraming mababuting mga Saksi ni Jehovah na mga kaibigan na nakaupo rito, na lahat ay . . . o naging. Marahil ang ilan sa kanila ay Saksi ni Jehovah pa rin. Ngunit palagi nilang ipinapatungkol, ginawa ni Ginoong Russell, ang sangdaan at apatnapu't apat na libong ito, na bilang ang supernatural na Nobya ni Cristo. Kita n'yo? Sila . . . Ito'y hindi.

83 Ito ay walang kinalaman sa kapanahunan ng iglesya, sa anumang paraan. Sila ay lubos na Israel. Ngayon, tayo'y babasa sa ilang mga minuto. Ngayon, ang patlang na ito, sa pagitan ng Ikaanim . . . ang mga Tatak, ay isang pagtawag at pagtatatak ng sangdaan at apatnapu't apat na libong mga Hudyo, tinawag sa panahon ng Kapighatian, makaraan na ang Iglesya ay mawala. Kita n'yo? Wala itong kinalaman sa kapanahunan ng iglesya, sa anumang paraan. Oh, tinawag na, at ganap na nasa pagkakatugma sa Kasulatan. Ang huling tatlo at kalahating sanlinggo ni Daniel, ipinalugit sa "lahi" ni Daniel, kita n'yo, hindi mga Gentil. Sa "lahi" ni Daniel, at si Daniel ay isang Hudyo!

84 Ngayon pansinin, ang Israel, pinaniniwalaan lamang ng Israel ang kaniyang mga propeta, at, makaraan na sila ay mapagtibay.

85 At saan man sa buong kapanahunan ng iglesya, simula sa sinaunang apostolikong Iglesya, na ang Protestanteng iglesya ay nagkaroon ni minsan ng isang propeta. Sabihin sa akin kung sino iyon, at ipakita iyan sa akin. Wala kailanman! Sila ay nagkaroon,

sa sinaunang apostolikong kapanahunan, ng isang tinatawag na Agabus, na isang pinagtibay na propeta. Ngunit sa . . . Nang ang mga Gentil ay pumasok, patungo sa mana ng Diyos, at si Pablo ay bumaling sa mga Gentil. Makaraan na si Pedro, tulad ng binasa natin kagabi, ay makatanggap mula sa Panginoon, na, "Siya ay kukuha ng isang—isang bayan mula sa mga Gentil, para sa Kaniyang Pangalan, Kaniyang Nobya," pagkatapos hindi na sila nagkaroon pa, sa mga pahina ng kasaysayan, ng isang Gentil na propeta. Ngayon kayo ay bumalik lamang sa kasaysayan at alamin. Bakit? Tamang-tama, iyan ay magiging salungat sa Salita. Tamang-tama.

86 Nang lumabas ang una, ay isang leon, iyan ay Salita ng propeta.

Ang sumunod na lumabas, ay ang paggawa, hain.

Ang sumunod na dumating, ay ang katalinuhan ng—ng tao.

87 Ngunit tayo ay pinangakuan, sa huling araw, na upang ibalik sa Iglesya muli, para sa kapakanan ng pagtutuwid sa lahat ng napangunahan sa mali, 'di nakita, 'di natapos, naiwan na di natapos. Sapagkat, ito'y inihula rito na ang Mensahe ng ikapitong anghel ang magtatapos ng mga hiwaga ng Diyos. At, pagkatapos, nadaanan na natin ang kabuuan ng lahat Niyan. Nakita natin na Iya'y perpektong nasa pagkakasundo sa Kasulatan. Iyan ang dahilan.

88 Ngayon, naiisip n'yo ba, kapag ang taong ito ay dumating sa tagpo? Kapag siya ay dumating, tandaan, iya'y magiging napaka mapagpakumbaba at mga bagay, hanggang ang mga iglesya ay malalagpasan iyan nang napakalayo. At magagawa n'yo bang isipin, ang mga iglesya, na nasa ilalim pa rin ng tradisyon ng mga repormador, ay tatanggap ng isang propeta mula sa Diyos, na magiging matatag laban sa kanilang mga katuruan at mga organisasyon?

89 Ngayon, mayroon lamang isang tao na makagagawa niyon, tanging isang Espiritu lamang na nanggaling sa lupa, na nalalaman ko. Maaring alin sa dalawa . . . Iyan ay maaring maging si Elias, sa kaniyang panahon. At iyan ay naihula na magiging iyan nga, na wala nang iba pa kundi ang Espiritu ni Cristo.

90 Nang si Cristo ay dumating, Siya ang kapuspusan. Siya ang Propeta. Siya ang—ang Diyos ng mga propeta. Kita n'yo? Kita n'yo?

91 Si Cristo, tingnan kung gaano nila Siya kinamuhian. Ngunit Siya ay dumating ng eksakto sa paraan na sinabi ng Salita na Siya ay darating. Ngunit dahil sa Siya ay isang Propeta, ipinamusong nila ang kanilang mga sarili palayo mula sa Kaharian ng Diyos, sa pamamagitan ng pagtawag sa Espiritu ng Diyos, na isang kumikilala at iba pa, na "isang karumal-dumal

na espiritu." Sabi, "Siya ay isang—Siya ay isang manghuhula, o isang diablo," iyan nga.

92 Ang isang manghuhula ay isang diablo, kita n'yo, espiritu ng Diablo. Tiyak. Alam n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Lubusan. Ang panghuhula ay isang pagpapanggap ng isang propeta, na isang lubusang pamumusong sa harap ng Diyos.

93 Ngayon tandaan. Tinawag, sa walang kamali-maling pagkakasundo sa mga Kasulatan, ng huling tatlo at kalahating mga taon ni Daniel.

94 Pansinin, ang mga mananananampalataya ng Israel—mga mananampalataya lamang ang sinabihan, sa Lumang Tipan, upang paniwalaan ang kanilang mga propeta makaraan na ang propeta ay mapagtibay. "Kung may isa sa inyo, na isang espirituwal o isang propeta, Akong Panginoon Mis-. . . inyong Diyos ay ihahayag ang Aking Sarili sa kaniya, at mangungusap sa kaniya sa mga pangitain, sa pamamagitan ng mga panaginip, magpapaliwanag ng mga panaginip." Kung ang sinuman ay mayroong panaginip, magagawang ipaliwanag iyan ng propeta. At kung—kung siya ay may pangitain, ipinapangusap niya iyan. "Aking gagawing hayag ang Aking Sarili sa kaniya sa pamamagitan ng mga pangitain at mga panaginip, gagawing hayag ang Aking Sarili. At kung ang kaniyang sinabi ay maganap, kung magkagayo'y dinggin ang propetang yaon, pagka't Ako'y sumasa kaniya. Kung hindi iyan maganap, kung magkagayo'y huwag nga siyang katakutan." Oo. Iya'y tama. "Lumayo, pabayaan siyang mag-isa, kita n'yo." Ngayon iya'y . . .

95 Ngayon, palaging paniniwalaan iyan ng Israel. At hindi n'yo ba nakita? Dahil bakit?

Ngayon gusto kong makuha ninyo ang araling ito nang mabuti, sa gabing ito, ngayon.

96 Bakit? Sapagkat, iya'y isang utos mula sa Diyos, sa kanila. Walang anuman sa akin kung gaano karaming mga munting babasahin ang madadala roon ng mga Gentil at ipangalat. Walang anuman sa akin kahit gaano karaming beses ka tumungo sa Israel na may Biblia sa ilalim ng iyong bisig, pinatutunayan *ito, iyan* at ang *iba pa*; hindi sila tatanggap kailanman ng anuman kundi isang propeta. Iya'y eksaktong tama. Sapagkat, ang propeta ang tanging nag-iisa lamang na makapagdadala ng Banal na Salita at ilagay Ito sa kalalagyan Nito, at maging isang pinagtibay na propeta. Paniniwalaan nila iyan. Iya'y tama.

97 Habang nakikipag-usap ako sa isang Hudyo rito sa Benton Harbor, nang ang John Rhyn na iyon, bilang isang bulag sa buong buhay niya, halos, ay tinanggap ang kaniyang paningin. Dinala nila ako banda roon, sa bahay na iyon ni David. At ang rabi na ito ay lumabas na siya'y may mahabang balbas. Ang sabi niya, "Sa anong kapangyarihan mo ibinigay ang paningin ni John Rhyn?"

Sabi ko, “Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.”

98 Ang sabi niya, “Malayo sa Diyos na magkaroon ng isang Anak!” Kita n’yo? At ang sabi niya, “Kayong mga tao ay hindi mapuputol ang Diyos sa tatlong mga piraso at ibigay Siya sa isang Hudyo. Gumawa ng tatlong mga Diyos mula sa Kaniya; kayo’y isang lipon ng mga pagano!”

99 Sabi ko, “Hindi ko Siya pinutol sa tatlong piraso.” Sabi ko, “Rabi, magiging isang kakatwang bagay ba para sa iyo na paniwalaan na isa sa mga propeta ninyo ay nagsabi ng isang bagay na mali?”

Ang sabi niya, “Ang aming mga propeta ay hindi nagsasabi ng anumang bagay na mali.”

Sabi ko, “Sino ang ipinangungusap ni Isaias 9:6?”

Ang sabi niya, “Ang Mesiyas.”

100 Sabi ko, “Kung gayon, ang Mesiyas ay magiging isang Taong-Propeta. Tama ba iyan?”

Sabi, “Oo, ginoo. Tama iyan.”

101 Sabi ko, “Ipakita mo sa akin kung saan iyan nalagpasan ni Jesus.” Ang sabi niya . . . Ang sabi ko, “Ano ang magiging relasyon ng Mesiyas-Propeta sa Diyos?”

Ang sabi niya, “Siya ay magiging Diyos.”

Sabi ko, “Iya’y tama. Ngayon nakuha mo iyan sa Salita.”

102 Kaya tulungan ako, iyang Hudyo nakatayo roon at ang mga luha ay tumutulo sa kaniyang mga pisngi, sabi, “Pakikinggan kita minsan sa susunod.”

Sabi ko, “Rabi, pinaniniwalaan mo ba iyan?”

103 At ang sabi niya, “Tingnan,” sabi niya, “‘Magagawa ng Diyos na mula sa mga batong ito ay makapagbangon ng mga anak kay Abraham.’ ” Alam kong siya ay nasa Bagong Tipan.

Sabi ko, “Tama, Rabi! Ngayon ano naman ang tungkol diyan?”

104 Ang sabi niya, “Kung ipapangaral ko iyan, ako ay mapupunta sa ibaba roon,” alam n’yo kung saan ang kanilang dako ay nakalagay sa burol doon, “sa ibaba roon ng kalsada, nagpapalimos ng tinapay ko.”

105 Sabi ko, “Mas mamarapatin kong maparoon doon sa ibaba na nagpapalimos ng tinapay ko.” Ang mga Hudyo ay nakahawak pa rin sa salapi, alam n’yo. Kita n’yo? Kita n’yo? “Mas mamarapatin kong . . .” At ang kaniyang pangalan sa ginto, sa . . . Sabi ko, “Mas mamarapatin kong maparoon doon sa ibaba, kumakain ng maalat na biskuit at umiinom ng tubig mula sa isang munting batis, at nalalaman na ako ay nasa pakikipag-kaisa sa Diyos, at totoo; kaysa ako ay maparito kasama ang pangalan ko sa gusaling iyan, sa gintong mga letra tulad niyan,

at nalalamang ako'y malayo mula sa Diyos. Alam ko iyan." Ayaw na niyang makinig pa sa akin, kaya siya ay pumasok.

106 Ngunit iyan ito. Hindi n'yo mapuputol ang Diyos sa dalawa o tatlong mga piraso, tinatawag na "Ama, Anak, at Espiritu Santo," ang gumawa ng tatlong mga Diyos at ibigay iyan sa isang Hudyo. Ang pinaka utos Niya ay, "Huwag kang magkaroon ng ibang mga diyos sa harapan Ko. Ako ang Panginoon mong Diyos." Ano ang sinabi ni Jesus? Sinabi ni Jesus na, "'Dinggin mo, O Israel, Ako ang Panginoon mong Diyos, iisang Diyos.' " Hindi tatlo; hindi mo maibibigay iyan sa kanila. Hindi. Walang propeta ang kailan ma'y mangungusap patungkol sa tatlong Diyos. Wala. Saan man. Wala kayong maririnig na ganiyan. Wala, ginoo. Iya'y pagano at di-Cristiano kung saan iyan nagmula. Opo, ginoo.

107 Pansinin. Ngunit ang mga propetang ito ay darating. Hindi lamang iyan . . . Ang—ang mga propeta, ngayon, ay Apocalipsis 11. Nabasa natin ang ilan niyan. At nais kong basahin n'yo iyan habang kayo ay nag-aaral, sa mga teyp at sa iba pa. Sila ay ganap na isang pinagtibay na mga propeta, sa pamamagitan ng tanda ng mga propeta. Pagkatapos ay diringgin iyan ng Israel.

108 Ngayon, sa inyo, sa mga kaibigan kong Saksi ni Jehovah, unawain ngayon na ang mga ito, ang sangdaan at apatnapu't apat na libo, ay walang kinalaman sa Nobya. Wala ni katiting man ng Kasulatan upang suportahan iyan. Wala, ginoo. Sila ay hindi. Sila ay mga Hudyo. Ang hirang na tinawag palabas sa loob ng panahon ng huling tatlo at kalahating taon ng pitumpung sanlinggo ni Daniel. Ngayon iya'y . . .

109 Ako—palagi kong binabanggit paulit-ulit. Hindi lamang sa inyong lahat dito, ngunit, kita n'yo, bayan, ang mga teyp na ito ay nagtutungo sa lahat ng dako, kita n'yo. At naunawaan n'yo iyan. Naririnig n'yo ako na bumabanggit pabalik. Ito'y para sa layuning iyan.

110 Pansinin. Ngayon tingnan kung paanong kailangan nilang, mabulag, nakita n'yo ba kung paano nila . . . Jesus, o . . . kailangang bulagin ng Diyos ang mga Hudyo, upang hindi nila makilala si Jesus. Kung alam nila, kung alam lamang nila na iyan . . . Sa pagkakita sa mga tanda na ginawa Niya, kung sila lamang ay nasa tama nilang kalalagayan, tulad ng sila ay nasa ilalim ng kautusan nang utusan sila ng Diyos tungkol sa isang propeta, at nakita nila na ginawa iyan na Jesus, nasabi sana nilang, "Ito ang Mesiyas." Bakit nga iyan?

111 Yaong nasa kapanahunang iyon, na ang kanilang mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, ang Kaniyang mga apostol at iba pa, nakita nila iyon at nakilala iyon.

112 Bakit hindi nakita ng iba sa kanila? Kita n'yo, sila ay binulag. Hindi nila makita ito. Hindi nila nakita iyon, hindi pa.

At hindi nila makikita iyan hanggang sa siya ay maisilang bilang isang bansa, sa isang panahon. Na . . .

113 Ang Salita ay hindi mabibigo. Tandaan, ang Salita ay hindi mabibigo. Walang anuman sa akin kahit gaano karaming sensasyon kayo mayroon, at ano lahat ang maganap, ang Salitang iyan ay hindi mabibigo. Iya'y magiging tamang-tama sa paraan na sinabi ng Diyos. Kita n'yo? Ngayon, naunawaan natin na ang mga bagay na ito ay kailangang maganap.

114 At iyan ang dahilan kung bakit hindi nila nakilala si Jesus nang Kaniyang ipinakilala nang walang kamali-mali ang Kaniyang Sarili bilang ang Propeta.

115 Maging ang munting—munting matandang Samaritanang babae na nakatayo roon sa may balon. Siya ay hindi pa nakarating sa Samaria; Siya ay tumungo lamang, sinabing kailangan Niyang pumunta sa gawing iyon, at Siya ay nagtungo roon. At naroon ang munting babaeng iyon. At ang kaniyang, sa katatayuan niya, siya ay nasa mas magandang kalagayan upang tanggapin ang Ebanghelyo kaysa sa mga relihiyosong mga saserdoteng iyon at mga bagay ng araw na iyon. Nagawa niya iyan. Tiyak. Ngayon, kita n'yo?

116 Ngunit, sa harap ng lahat ng kanilang pagtanggi, gayun pa ma'y isa sa kanilang pinaka marangal na tao ay umamin na alam nila na Siya ay isang Tagapagturong isinugo mula sa Diyos.

117 Ako ay nakikipag-usap sa isa sa pinaka mahusay na mga doktor doon sa timugang estado, sa kaniyang opisina, hindi pa katagalan ang nakalipas. Isang napakahusay na espesyalista sa Louisville, isang tunay na maginoong tao. At sabi ko sa kaniya, sabi ko, "Doktor, nais kitang tanungin ng isang katanungan."

Sabi niya, "O sige."

118 Sabi ko, "Napansin ko ang inyong pangmedesinang simbolo, ang tungkod. Kayo ay mayroong serpiyenteng nakapulupot sa isang haligi. Ano ang isinasagisag niyan?"

Ang sabi niya, "Hindi ko alam."

119 At ang sabi ko, "Iyan ay sumasagisag para rito: iyan ay isang sagisag ng Banal na pagpapagaling, kung saan itinaas ni Moises ang tansong serpiyente sa ilang, kita mo, na siyang isang sagisag lamang, isang sagisag lamang ng totoong Cristo."

120 Ngayon, sa araw na ito, ang medisina ay isang simbolo ng Banal na pagpapagaling. At kahit na marami sa kanila ang hindi pinaniniwalaan iyan, ang talagang mahuhusay na mga doktor ay naniniwala riyan. Ngunit hindi pinaniniwalaan ng ilan sa kanila iyan. Ngunit ang pinaka sagisag na kanilang hinahawakan ay nagpapatotoo sa Kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos, kahit na gusto nilang paniwalaan iyan o hindi. Kita n'yo? Iya'y tama. Naroon ang tansong serpiyente nakasabit sa isang haligi, sa pangmedisinang sagisag.

121 Ngayon pansinin ang mga Hudyong ito. Ngayon, ang mga kaliskis ng pagkabulag ay nasa mga mata ng mga taong ito. Kanilang, hindi nila maiiwasan iyan; iyan ay naroon, at inilagay iyan ng Diyos doon. At sila ay naroon hanggang sa kapanahunan na naipangako sa kanila, itong mga propetang darating. Makapagpapadala kayo ng mga misyonaryo, magagawa ninyo ang anumang naisin ninyo; ang Israel ay hindi kailanman mapapagbalik-loob hanggang ang mga propetang ito ay dumating sa kaganapan, at iyan ay magaganap pagkatapos ng Pag-agaw ng Gentil na Iglesya.

122 Walang anuman sa guyang kapanahunan ang makatatanggap ng isang pagtawag ng leon, sapagkat sinabi ng Diyos sa Kaniyang Salita na isang guyang Espiritu ang lumabas. At sa kapanahunan ng mga repormador, isang tao ang lumabas. Kita n'yo? Kayo lamang . . .

123 Iyan lamang ang tanging bagay na inyong . . . kanilang matatanggap. Iya'y . . . At, doon ngayon, sila ay binulag. Iyan lang lahat ang mayroon doon. Ngayon pansinin.

124 Ngunit ang kapanahunan ay darating kung kailan ang mga Gentil ay matatapos. May isang punong kahoy, at ang mga ugat ay sa Hudyo, at ito ay pinutol; at ang Gentil ay idinugtong, "ang ligaw, na punong olibo," at nagbibigay ng kaniyang bunga. Ngayon, kapag ang Nobyang Gentil na iyan ay inihiwalay, iyang punong Nobya na ipinangusap ko, at iniakyat na sa Presensiya ng Diyos; lilipulin ng Diyos silang mga di-mananampalatayang mga Gentil, banda rito sa bahaging (ang mga nangatutulog na dalaga), at idudugtong muli. Ipinangako Niyang gagawin ito.

125 At hanggang sa panahong iyan, kailangang sadya n'yong malaman kung saan . . . Kung alam n'yo kung saan kayo patutungo, buweno, mabuti. Kung hindi n'yo alam, aba, matitisod kayo sa kadiliman.

126 Ngayon, iya'y kapag ang mga Hudyo ay mapag-babalik loob, sa loob ng kapanahunang iyan. Ngayon, tulad ng kapanahunan ng iglesya, sa ilalim ng kapangyarihan ng kinasihang pangako, tatanggapin nila si Cristo; ngunit, ngayon, hindi habang ang mga Gentil ay narito. Ngayon makikita natin kung anong uri ng mensahe na ang dalawang mga propetang ito, ng Apocalipsis ang ika-11 kabanata, ang ipangangaral. Ngayon malinaw ninyong makikitang tamang-tama kung anong kanilang gagawin. Sapagkat, ang nalabi, o ang sangdaan at apatnapu't apat libo, itinalaga, ay tatanggap ang Tatak ng Diyos.

127 Tayo'y bumasa lamang. Ngayon makinig ng talagang maigi ngayon. Ngayon nais kong kayo ay bumasang kasama ko, kung magagawa n'yo, pagka't ako'y tutukoy pabalik dito ng kaunti. Ika-7 kabanata, ngayon, ito ay sa pagitan ng Ika-anim at Ikapitong Tatak.

. . . pagkatapos nito—pagkatapos nito (ng mga Tatak na ito). . .

128 Ang Ikaanim na Tatak ay kinalagan, at iya'y ang panahon ng Kapighatian. Nauunawaan ba iyan ng lahat ngayon? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."] Ang Ikaanim na Tatak ay kinalagan, at ang Kapighatian ay nagsimula. Pagkatapos nito, ano?

. . . pagkatapos nito ay nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin ng lupa, upang huwag humihip ang hangin sa lupa, o sa dagat man, o sa anomang punong kahoy. (Apat na Anghel!)

At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw, na taglay ang tatak ng Dios na buhay: at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel, na pinagkaloobang maipahamak ang dagat, *ang lupa . . . ang dagat,*

Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang *sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin. . .*

129 Hindi ang Nobya. "Mga alipin." Hindi ang mga anak. "Mga alipin." Ang Israel ay palaging mga alipin ng Diyos. Ang Iglesya ay mga anak, kita n'yo, sa pamamagitan ng kapanganakan. Ang Israel ay alipin Niya. Pagmasdan, bawat dako, iyan palagi. Si Abraham ay alipin Niya. Hindi tayo mga alipin. Tayo'y mga anak, mga anak na lalaki at babae. Oo.

. . . ng . . . ng ating Diyos sa kanilang mga noo.

130 Ngayon pagmasdan.

. . . ating Dios sa kanilang mga noo.

At narinig ko ang bilang nila na mga natatakan:. . .

131 Ngayon nais kong makinig kayo ng mabuti sa pagbasa sa kanila.

. . . na isang daan at apat na pu't apat na libo na natatakan sa bawa't angkan ng mga anak ni Israel.

132 Ganap na pinangalanan Niya sila. Ngayon, kung mangyari man na may isang British-Israel na nakakakilala na nakaupo rito, makinig kung papano nito inalis ang hangin mula roon. Kita n'yo.

Sa angkan ni Juda ay labingdalawang libo ang tinatakan. (Tinawag na, "ang angkan.") *Sa angkan ni Ruben ay labing dalawang libo. Sa angkan ni Gad. . . labing dalawang libo.*

133 Pagmasdan ang inyong—pagmasdan ang inyong angkan ngayon.

At sa angkan ni Aser ay labingdalawang libo ang natatakan. . . angkan ni Neftali ay labingdalawang libo ang natatakan. . . . angkan ni—ni Manases. . . ay labingdalawang libo.

At sa angkan ni Simeon. . . ay labingdalawang libo ang natatakan. Sa angkan ni—ni Levi ay labingdalawang libo ang natatakan. Sa angkan ni Isacar. . . ay labingdalawang libo ang natatakan. (Isacar, palagay ko'y gayon n'yo iyan binibigkas.) . . . labingdalawang libo.

. . . angkan ni Zabulon. . . labingdalawang libo. At sa angkan ni Jose ay labingdalawang libo ang natatakan. Sa lahat na. . . Sa angkan ni Benjamin ay labingdalawang libo ang tinatakan.

134 Ngayon, may labing dalawang angkan, labing dalawa mula sa isang angkan. Labing dalawa imultiplika sa labing dalawa . . . ay ano? [Kongregasyon nagsabi ng, "Sangdaan at apatnapu't apat na libo."— Pat.] Isang sandaan at apatnapu't apat na libo. Ngayon pagmasdan. Sila ay, lahat, sa mga angkan ng Israel.

135 Ngayon pagmasdan, "Makaraan ito. . . " Ngayon heto dumarating ang panibagong grupo. Ang Nobya ay wala na, alam natin iyan. Ngunit pagmasdan ang grupong ito na dumarating.

Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman, na mula sa bawa't bansa, . . . mga angkan, at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan, at sa harapan ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay;

At nagsigawan ng tinig na malakas, na nagngagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero.

At ang lahat ng mga bansa. . . ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay; at sila'y nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Dios,

Na nangagsasabi, Amen: Mga Pagpapala, . . . kaluwalhatian, . . . karunungan, . . . pagpapasalamat . . . karangalan, . . . kapangyarihan, . . . kalakasan, nawa ang sumaaming Dios magpakailan kailan man. Siya nawa.

At sumagot ang isa sa matatanda, . . .

136 Ngayon siya'y nasa harapan ng mga matatanda rito. Tulad, nang nakita natin siya, sa lahat ng mga Tatak.

At sumagot ang isa sa mga matatanda, na nagsasabi sa akin, Sino ang mga ito na. . .

137 Ngayon, si Juan, bilang isang Hudyo, nakilala ang kaniyang sariling lahi. Nakita niya sila sa pang-angkang anyo. Tama ba iyan? Nakilala niya at tinawag ang bawat isa sa mga angkan.

138 Ngunit ngayon, nang nakita niya ang mga ito, siya ay parang naguluhan. At alam iyan ng matanda, kaya ang sabi niya:

. . .Sino ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit, at saan sila nagsipanggaling?

139 Si Juan, sumasagot ngayon:

At sinabi ko sa kaniya, Ginoo, Ikaw ang nakakaalam.

140 Hindi sila kilala ni Juan, kita n'yo; lahat ng mga angkan, mga wika, at mga bansa.

. . .At sinabi niya sa akin, Ang mga ito'y. . .

. . .sinabi niya sa akin, Ang mga ito'y yaong naggaling sa malaking kapighatian, (sa ibang mga salita, ang dakilang Kapighatian), at nangaghugas ng kanilang mga damit, . . .pinaputi sa dugo ng Cordero.

Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios, at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at sila'y. . .siyang nakaupo sa luklukan ay ay mananahan sa gitna nila.

Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila—tatamaan ng araw—tatamaan ng araw, o ng anomang init.

Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios . . . ang bawa't luha ng kanilang mga mata.

141 Ngayon binuksan natin ang. . . dumako sa Tatak.

Napansin n'yo ba, sila ay. . . Una, tayo ay nagsimula ngayon, Israel.

142 At pagkatapos nakita natin ang nilinis na iglesya, hindi ang Nobya; ang nilinis na iglesya, sa pamamagitan ng Kapighatian, kita n'yo, kita n'yo, dumarating patungo rito, napakalaking bilang ng totoong tapat na mga puso na lumabas mula sa—sa dakilang Kapighatian. Hindi ang Iglesya; Iya'y wala na, ang Nobya. Hayan ang iglesya.

143 Ngayon nalaman natin, kani-kanina lang, sinabi ni Jesus na ang Luklukan ay nahahanda, at kung paano ang. . . tatayo sila sa paghuhukom, bawat isa.

144 Ngayon, natagpuan natin ngayon na ang mga taong ito ay natatakan ng Tatak ng buhay na Diyos (tama ba iyan?), ang mga Hudyong ito. Ano ang Tatak ng buhay na Diyos?

145 Ngayon, hindi ko tinatawag ang sinuman, manakit sa kanino mang damdamin. Sinasabi ko lang, kita n'yo. Alam n'yo, na,

sa pagbabasa sa maraming mga iskolar na sumulat patungkol dito, inaangkin na ang grupong ito rito, hinugasan ng dugo, ay talagang ang Nobya?

146 Alam n'yo ba na maraming iskolar din ang nag-aangkin na ang sangdaan at apatnapu't apat na libo ay ang Nobya? Anong isang . . . Mayroong isang bagay na kailangang umakma rito, mali . . . dito mismo, pagka't may isang bagay na mali ngayon.

147 Pansinin, sinasabi ng mga kapatid natin na Adventista, na, "Ang Tatak ng Diyos, ay ang pagtupad sa araw ng pangingilin." Alam n'yo iyan. Ngunit nais ko ng isang maliit na bahagi ng Kasulatan hinggil diyan, upang ipakita na ang pangingilin, o ang pagtupad sa araw ng pangingilin, ay ang Tatak ng Diyos. Kita n'yo? Ito lamang ay isang tao na naglabas ng ideyang iyan.

148 Ngunit kung babasahin n'yo ang Efeso 4:30, sinasabi nito, "At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng inyong . . . ng inyong pagkatubos," opo, ginoo, kapag ang gawaing pamamagitan ay tapos na, at ikaw ay dumating; Si Cristo ay dumating upang tubusin ang Sariling Kaniya. Kayo ay tinatakan na; hindi hanggang sa susunod na rebaybal. Kapag kayo'y minsang natatakan ng Espiritu Santo, ito'y isang tapos nang gawa, na tinanggap na kayo ng Diyos, at wala nang paglayo pa mula roon.

149 Sabihin ninyong, "Buweno, taglay ko Ito, at ako ay lumayo." Hindi, ikaw—hindi mo taglay Ito.

150 Sinabi ng Diyos na Iyan ay magpapatuloy sa Araw ng Katubusan. Ngayon, uh-huh, makikipagtalo ka lamang sa Kaniya, at makikita mo kung anong kahulugan niyan. "Hanggang sa Araw ng iyong Katubusan."

151 Pansinin. Yamang mayroong mga . . . Yamang sila ay mga nalabi ayon sa pagkahirang, ang mga Hudyong ito sa ngayon ang nalabi batay sa pagkahirang. Sa mga araw ng unang ministeryo ni Elias sa mga Hudyo, kung saan pitong libong mga mananampalataya ang itinago sa pamamagitan ng kamay ng Diyos, ngayon mayroon sa nalalabing panahon na ito, dumarating sa kanilang panahon, ay sangdaan at apatnapu't apat na libo batay sa pagkahirang. Na, ang Mensahe sa panahong iyan, ang sasampalataya sa Mensahe, ay maging sangdaan at apatnapu't apat na libo.

152 Ngayon, sasabihin ninyo, "Oh, ngayon sandali lamang, kapatid, hindi ko alam ang tungkol dito sa "paghihirang" na bagay. Buweno, hindi ko pa nabasa iyan doon."

153 O sige, ngayon tingnan natin kung iya'y tama, o hindi. Balikan natin ang Mateo, at bumaba rito at alamin kung hindi tayo makakatagpo ng isang munting bagay rito kung saan. Ako ay naniniwala ngayon na ako'y tama. Hindi ko iyan naisulat dito, ngunit dumating lamang sa isipan ko. Kunin natin, sa

hulihan, ang ika-30 talata; kung saan tayo nagtungo kagabi, ang pagtatapos ng Ikaanim na Tatak, sa ika-30 talata. Ngayon basahin natin iyan at tingnan ngayon kung saan natin iyan nakuha, ang ika-31 talata. Kita n'yo? "Kanilang makikita ang Anak ng tao na dumarating sa kaluwalhatian." Ngayon ang ika-31 talata.

> *At susuguin ang kaniyang mga anghel na may matinding trumpeta, at kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila.*

154 Ang "hinirang" ay lalabas. Ano ito? At ang panahon ng Kapighatian. Tatawagin ng Diyos ang hinirang Niya, at iyan ay ang mga Hudyo sa panahong iyan, ang hinirang. Ang Biblia ay nangusap tungkol diyan. Si Pablo ay nangungusap tungkol diyan, "Ayon sa pagkahirang." Magkakaroon ng sangdaan at apatnapu't apat na libo batay sa paghihirang, na maniniwala sa Mensahe, mula sa literal na milyung-milyon na mapaparoon.

155 Mayroong milyun-milyon sa Palestino, sa mga araw ng panghuhula ni Elias, at pitong libo ang naligtas mula sa milyun-milyon.

156 Ngayon, "batay sa pagkahirang." Kung saan, milyun-milyon sa mga Hudyo ang nangagkakatipon sa kanilang lupang-tinubuan. Ito'y naging isang bansa. Magkakaroon ng milyun-milyon doon, ngunit sangdaan at apatnapu't apat na libo na mga "hinirang" lamang ang kukunin. Diringgin nila ang Mensahe.

157 Gayun ding bagay ito sa Iglesyang Gentil. May isang Nobya, at Siya ay hinirang. "At siya ay tatawagin ayon sa pagkahirang." Pansinin, ito lahat ay tumitipo sa Iglesya, nang walang kamalimali, ang hinirang na mga mananampalataya.

158 Ang iba ay hindi sumampalataya. Sadyang masasabi n'yo ito. Sabihin n'yo sa isang tao ang isang Katotohanan, at hayaang iyan ay mapatunayan sa pamamagitan ng Salita, at pagkatapos ay mapagtibay; sasabihin niyang, "Hindi ko pinaniniwalaan Iyan." Kayo ay maaring sadyang . . .

159 Huwag nang makipaglokohan pa roon. Sinabi ni Jesus na huwag. Sabi, "Ito'y sadyang tulad sa pagtatapon ng mga perlas sa harap ng mga baboy." Kita n'yo? Sabi, "Hayaan na lamang sila. Sila'y babaling at tatapakan ka sa ilalim ng kanilang mga paa." Pagtatawanan ka nila. Lumakad lamang palayo at iwan sila. "Kung ang bulag ay umakay sa bulag . . . "

160 Ako ay nagtungo sa isang tao, hindi pa katagalan ang nakalipas; siya ay pumunta sa akin, pala. Siya ay nakikipagtalo, sa lahat ng palibot, sa lahat ng dako, laban sa Banal na pagpapagaling. At siya ay dumating, at ang sabi, "Hindi ako naniniwala sa iyong Banal na pagpapagaling."

161 Sabi ko, "Sa akin, palagay ko'y, walang anumang ikabubuti, pagka't wala akong taglay na anuman." At siya . . . sabi ko, "Ngunit ang Diyos ay sakdal."

Ang sabi niya, "Walang gayong bagay."

162 Sabi ko, "Napakahuli mo na upang sabihin iyan, kaibigan. Oo, ikaw ay—ikaw ay naghintay na nang napaka haba para riyan. Maaring ikaw ay nakipagtalo, mga ilang taon na ang nakakalipas, ngunit mayroong panibagong kapanahunan ngayon. Mayroong milyun-milyon upang magpatotoo, kita mo." Sabi ko, "Ika'y—ika'y masyado nang huli, kaibigan, upang sabihin iyan."

163 Sabi niya, sabi niya, "Buweno, hindi ko pinaniniwalaan iyan; wala akong pakialam kung ano man ang gawin mo."

Sabi ko, "Tiyak na hindi. Hindi mo magagawa." Kita n'yo?

164 Ang sabi niya, "Bulagin mo ako!" Sabi, "Kung talagang taglay mo ang Espiritu Santo, tulad ni Pablo," sabi, "bulagin mo ako."

165 Sabi ko, "Paano ko pang gagawin iyan kung ika'y bulag na?" Sabi ko, "Binulag ka ng iyong ama sa Katotohanan." Sabi ko, "Ikaw, ika'y bulag na."

166 At ang sabi niya, "Hindi ako maniniwala; Wala akong pakialam kung anong magagawa mo, gaano karaming ebidensiya ang iyong maipapatunay, o anumang bagay tulad niyan. Hindi ko pa rin pinaniniwalaan iyan."

167 Sabi ko, "Tiyak. Ito ay hindi para sa mga 'di-mananampalataya. Ito ay para sa mga mananampalataya lamang. Iyan na." Kita n'yo?

168 Ano iyon? Kita n'yo, alam n'yo na kaagad, ang pagkahirang ay tapos na. Huwag nang makipaglokohan pa roon, sa lahat na. Si Jesus ay gumawa ng gayun ding bagay, Ang sabi niya, "Pabayaan ninyo sila. Kung ang bulag ay umakay sa bulag, hindi ba silang lahat ay mahuhulog sa hukay?"

169 Ngunit nang Siya ay dumating sa isang munting patotot, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya ng minsan—Pat.] iyan ay nagsindi ng apoy! Ano nga iyon? Iyan ay isang hinirang na binhi na nakalapag doon, kita n'yo, na nakita Iyon mismo ngayon. Nang Iyon ay dumating kay Pedro, mayroong hinirang na binhi na nakalapag doon, kita n'yo, at nakita nila Iyon. "At lahat ng ibinigay sa akin ng Ama, ay" (pang-nagdaan) "ibinigay sa Akin, sila'y lalapit. Sila'y lalapit sa Akin." Oh, naku! Gusto ko iyan! Opo, ginoo. Pansinin, ang mga mananampalataya ay pinaniwalaan Iyan.

170 Ang mga di-mananampalataya ay hindi mapapaniwalaan Ito. Kaya, ngayon, kung ang sino man ay nais na makipagtalo tungkol sa binhi ng serpiyente at mga bagay, at sinikap ninyo na ipakita sa kanila, ayaw nilang makinig Dito; lumakad lamang

palayo. Pabayaan n'yo lamang sila. Kita n'yo, ang Diyos ay hindi nakikipagtalo, gayun din ang mga anak Niya.

171 Pansinin, ang sangdaan at apatnapu't apat na libong hinirang na mga Hudyo ng Diyos ay hindi yumukod sa hayop, sa kaniyang denominasyonalismo, o mga rebulto, o anumang bagay, kahit na ang kanilang bansa ay nasa isang kasunduan doon sa panahong iyan. Ang Israel ay nasa isang kasunduan, ngunit narito ang sangdaan at apatnapu't apat na libo na hindi gagawin iyan. Iya'y ang hinirang.

172 Gayun ding bagay iyan mismo rito sa Iglesyang Gentil ngayon, ay isang hinirang na grupo. Hindi n'yo sila mahihila sa ganiyang klase ng bagay. Hindi nila paniniwalaan iyan. Hindi, ginoo. Kapag minsang tumama sa kanila ang Liwanag, iyan ang nagsaayos mismo nito kaagad. Nakita nila ang. . . nakita ito na naganap, pagkatapos ay nakita ito na pinagtibay at pinatunayan tulad niyan. At sila ay tumingin dito sa Biblia, nakita na ang Salitang iyan ay sadyang nagpapatuloy. Buweno, kayo'y sadyang—kayo'y sadyang maaring tumigil na sa pakikipaglokohan lamang sa kanila, pagka't pinaniwalaan nila Iyan. Iyan lang. Iyan lang. Kahit na hindi nila Ito maipaliwanag, ngunit alam nilang nakuha nila Ito. Kaya, tulad ng sinasabi ko, mayroong napakaraming mga bagay na hindi ko kayang ipaliwanag, ngunit alam kong—alam kong ito'y tunay kahit papano. Uh-huh. Tama.

173 Sa panahong ito ay sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak, na tinawag Niya ang mga taong ito, na ipinangusap ni Jesus sa ika-24 na kabanata at ang ika-31 talata ng Mateo, na kababasa lamang natin, kita n'yo. Mga trumpeta rito, ang dalawang saksi ng. . . Kapag ang trumpeta ay tumunog, ay ang trumpeta ng dalawang saksi sa kapanahunan ng biyaya para sa mga Hudyo. Ang isang trumpeta ay tumunog, napansin ninyo, ang isang trumpeta ay tumunog. Ang sabi niya, "At tumunog ang trumpeta." Ngayon pansinin banda rito, ika-31.

> *At susuguin ang kaniyang mga anghel* (hindi isa, kita n'yo; mayroong dalawa sa kanila) *na may matinding trumpeta,* . . .

174 Ano iyan? Kapag ang Diyos ay handa na upang mangusap, may isang tunog ng isang trumpeta. Iyan palagi ang Tinig Niya. Ito'y tumatawag upang makipagbaka, kita n'yo. Ang Diyos ay nangungusap. Ang mga anghel na ito ay darating na may pagpapatunog ng trumpeta.

175 At pansinin ninyo, sa Mensahe ng huling anghel, ang Trumpeta ay tumunog. Ang mensahe ng unang anghel, isang trumpeta ang tumunog; sa ikalawang anghel, isang trumpeta ang tumunog, nang isinugo Niya iyan palabas. Pansinin, ngunit nang ang mga Tatak ay ianunsiyo, silang lahat ay nasa isang dakilang, Banal na bagay, upang tumawag palabas ng isang grupo ng

mga tao; may isang trumpeta na tumunog, at Pitong Tatak ay nabuksan.

176 Pansinin, "Tipunin ang Kaniyang hinirang na mga Hudyo mula sa apat na bahagi ng kalangitan."

177 Binanggit Niya ang anim na Tatak, tulad nang nakita natin, ngunit hindi ang Ikapitong Tatak. Wala siyang sinabing anumang bagay rito tungkol sa Ikapitong Tatak, kahit saan man.

178 Kita n'yo, kaagad-agad, ang ika-32 talata, ay naging mga talinghaga, sa panahon ng pagtawag ng hinirang na mga Hudyo. Ngayon pagmasdan dito, kita n'yo.

179 "At susuguin Niya ang mga anghel na may isang trumpeta, at titipunin ang hirang mula sa apat na sulok ng langit." Ngayon Siya ay nagpasimulang . . .

180 Kita n'yo, hindi Siya nagsabi ng anuman tungkol sa Ikapitong Tatak dito. Kita n'yo? Siya ay nangusap tungkol sa Ikaanim na Tatak; Una, Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat, Ikalima, at Ikaanim.

181 Ngunit pansinin:

> *Sa puno ng igos nga ay pag-aralan ninyo ang kaniyang talinghaga; Pagka nananariwa* ang kaniyang mga sanga, *at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman* ninyo *na malapit na ang tag-araw;*
>
> *Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyo ang lahat ng mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na siya'y malapit na, nasa* pintuan *nga.*

182 Ang huling iyan, ang tanong na iyan na itinanong nila sa Kaniya, "At ano ang magiging tanda ng katapusan ng mundo?"

183 "Kapag nakita ninyo ang mga Hudyong ito . . . Kapag nakita ninyo ang ibang mga bagay na ito na nagaganap, talastasin ninyo kung anong nagaganap. Ngayon, kapag nakita ninyo ang mga Hudyong ito . . . " Nangungusap sa mga Hudyo! Ngayon pagmasdan. Sa anong pangkat Siya nangungusap, mga Gentil? Mga Hudyo! Mga Hudyo! Kita n'yo?

184 Ngayon ang sabi Niya, "Kayo'y kamumuhian ng lahat ng mga bansa dahil sa Aking Pangalan," at kung anu-ano pa, na kagaya.

185 Ngayon, "Kapag," ang sabi Niya, "inyong nakita ang mga Hudyong ito na magsimulang sumibol ang kanilang mga usbong palabas sa dako roon," kapag ang Israel na iyan ay nagsimulang bumalik, tumutungo sa kaniyang bansa. Kapag siya ay nakarating doon, (ang Iglesya ay handa na sa Pag-agaw), mayroon lamang tatlo at kalahating taon na natitira hanggang sa katapusan ng lumang mundo, at siya ay tutungo sa malaking kaguluhan, at papasok ang Milenyum, patungo sa bagong—bagong daigdig. Sabi, "Nasa pintuan na!" Ngayon, ang

sanlibong taon sa lupa ay isang araw lamang sa Diyos. At ang tatlo't kalahating taon, sa ano iyan pupunta? Napaka raming mga segundo, sa oras ng Diyos. Iyan ang dahilan na sinabi niya, "Iya'y nasa pintuan na."

> *Katotohanang sinasabi ko sa inyo,* na, *Hindi* lilipas *ang henerasyong ito,* hindi malilipol, ang lahing ito, hanggang *sa mangaganap ang lahat na mga bagay na ito . . .*

186 Ano, ano ang hindi malilipol? Tinangka nilang patayin ang Hudyo, alisin sa daigdig, sa lahat ng kapanahunan. Hindi nila ito makakayang gawin kailanman.

187 Ngunit tandaan. Ang pinaka henerasyon ng mga Hudyo na nakakita ng pagbabalik, pabalik sa Palestino, makikita ng henerasyong iyan ang mga bagay na ito na magaganap. At sa huling dalawang taon lang, siya ay lubos na naging isang bansa, na may sarili niyang salapi at anupaman. Hayan siya.

188 Ngayon nasaan na tayo, kaibigan? Ang mga Tatak at lahat ng bagay ay nabubuksan; ngayon nakukuha natin ito sa pagitan dito. Hayan nga ito. Nakita n'yo kung saan tayo nakaupo? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

189 Ako ay umaasa na nakuha n'yo Ito. Hindi ako nagkaroon ng anumang edukasyon. Alam ko kung ano ang sinasabi ko, ngunit marahil ay hindi ko maipapaliwag—maipapaliwanag Ito, upang maging makabuluhan sa inyo. Ngunit umaasa ako na kukunin ng Diyos ang mga Salita na pinaglabu-labo, at babahagiin sila ng tama, kita n'yo, at hayaang malaman n'yo kung ano Ito. Dahil, ito'y, tayo'y nasa pintuan na. Tayo'y narito na sa panahon. Ngayon pansinin.

190 Kita n'yo, kaagad ngayon, Siya ay bumaling sa mga Hudyong ito, at sa—sa huling kapanahunan. Sinabi Niya kung anong magaganap. Alam na natin iyan ngayon . . . Alam natin, lubos tayong may kaalaman, na ang mga angkan ay naipangalat. Sila nga ay ikinalat, sa loob ng dalawampu't limang daang taon. Sila ay inihula na maipangalat sa apat na mga hangin. Alam n'yo ba iyan? Alam natin iyan.

191 Siyempre, hindi na natin kailangang bumalik pa at kunin, talakayin iyan, pagka't ako ay mayroong talagang mahalaga rito na nais kong makita n'yo, bago kayo mapagod ng husto, at ako ay mahapo ng husto.

192 Pansinin. Alam natin, maging bawat angkan, iyan ay pagkakasunod-sunod ng angkan, o anuman ang nais ninyong itawag diyan, o talaangkanan, o pang-angkang mga posisyon, ay hindi nga sama-sama. Sila'y naipangalat, sa lahat ng dako.

193 Ang mga Hudyo, ay nagtitipon-tipon sa Jerusalem, ay hindi . . . Ni hindi nila alam ang kanilang mga angkan. Wala sila ng mga pang-angkang watawat o anumang bagay. Ang tanging

nalalaman nila, sa ngayon, na sila'y mga Hudyo. Sila ay inihula na magiging sa gayong kalalagayan, sa buong mundo. Ngayon, ang mga aklat nila ay sinira. Hindi nila alam.

Sabihin n'yong, "Sa anong angkan ka nagmula?"

"Hindi ko alam."

"Anong angkan?"

"Hindi ko alam."

194 Isa mula kay Benjamin, isa mula *rito*, at isa mula *roon*. Hindi nila alam kung saan sila nagmula. Ang mga aklat nila ay sinira, sa pamamagitan ng mga digmaan, at sa loob ng dalawampu't limang daang taon. Ang tanging bagay lamang na nalalaman nila, sila'y mga Hudyo. Iyon lang. Kaya, alam nilang sila'y nabalik sa kanilang lupang-tinubuan. Sila gayun pa man... Pansinin, kahit na hindi nila alam ang kanilang mga angkan, pero alam ng Diyos.

195 Sadyang gusto ko iyan! Alam n'yo, sinabi N'ya pa nga na mayroong..."Bawat buhok sa inyong ulo ay bilang." Hum! Pansinin, wala Siyang maiwawala. "Ibabangon Kong muli iyan sa huling araw."

196 Kahit na nawala nila ang kanilang—kanilang—kanilang mga pang-angkang watawat, at ang *sino* kanino nga ba, at kung sila'y *ito* o *iyan*; hindi nila alam kung sila nga'y mula kay Benjamin, o kung sila'y mula kay Reuben, o—o Isacar, o kung saan sila nagmula. Ngunit, kahit paano, tinawag sila ng Diyos dito.

197 Ngayon pansinin, sa Apocalipsis 7, binasa natin ito. "Labingdalawang libo" sa bawat angkan, ng hinirang, mula sa lahat niyon. Mayroong labingdalawang libo mula sa bawat angkan, na nahirang, at inilagay ng tama rito sa kaayusan. Oh, naku! Ano ba sila? Sila'y nasa pang-angkang kaayusan. Gayun pa man, hindi pa sila gayon ngayon, ngunit sila ay magiging gayon. Sila ay nasa pang-angkang kaayusan. Ano ang mapapasa pang-angkang kaayusan? Hindi ang pangkaraniwang Hudyo, hindi. Kundi yaong mga hinirang, ang sandaan at apatnapu't apat na libo, ay malalagay sa pang-angkang kaayusan. Oh, naku!

198 Gaano ko nais na maipakita sa inyo! Hindi tayo darako roon. Ngunit ganiyan eksakto kung ano ang kailangan sa Iglesya, uh-huh, wasto sa kaayusan.

199 Ngunit ibig kong magmasid kayo ng maigi at bumasang kasama ko, sa ilang sandali. Ngayon narito ang isang bagay na marahil ay hindi ninyo napansin sa—sa pang-angkan na pagtawag. Sinabi ko sa inyo, kani-kanila lang, na basahin ang Apocalipsis 7. Bumasang kasama ko, at pagmasdan ang mga angkang iyan. Sa Apocalipsis 7, si Dan at si Ephraim ay nawawala at hindi naibilang kasama nila. Napansin n'yo ba iyan? Si Jose at si Levi ang ipinalit sa kanilang puwesto.

Napansin n'yo ba iyan? Si Dan at si Ephraim ay wala roon. Wala, ginoo. Ngunit, si Jose at si Levi ang ipinalit sa puwesto ni—ni—ni Dan at Ephraim.

200 Bakit? Sila . . . Ang palaging-nakaaalalang Diyos ay naaalala ang bawat pangako ng Kaniyang Salita. Oh, gusto kong mangaral tungkol diyan. Kita n'yo? Hindi nalilimutan ng Diyos ang anumang bagay, bagama't ito ay parang katulad.

201 Tulad ng sinabi Niya kay Moises. Ang Israel ay naroon doon, "apat na raang taon." Kailangan nilang umakyat sa panahong iyan. Sinabi Niya kay Abraham, "Ang kaniyang mga binhi ay makikipamayan pansamantala sa ibang bayan sa loob ng apat na raang taon, pagkatapos ay ilalabas Niya sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay." Ngunit pagkatapos ay sinabi Niya kay Moises, "Aking naalala ang Aking pangako, at Ako'y bumaba upang tuparin ang Aking sinabi."

202 Ang Diyos ay di-nakakalimot. Hindi Niya nalilimutan ang mga sumpa Niya, hindi rin Niya nalilimutan ang Kaniyang mga pagpapala. Ngunit, bawat pangako na ginawa Niya, Siya ay nanatili roon.

203 Heto kung bakit sila nawawala, ngayon, kung kayo'y magmamasid. Ngayon basahin. Gusto kong bumasa kayo kasama ko ngayon. Tumungo sa Deuteronomio, ang ikadalawampung-. . . ang ika-29 na talata roon, o ika-29 kabanata, pala. May isang dahilan para sa mga angkang ito sa pagiging wala roon. Ang lahat ng bagay ay mayroong dahilan para roon. Deuteronomio, nais nating kunin ang—ang ika-29 na kabanata ng Deuteronomio. Ngayon, tulungan tayo ng Panginoon, na tayo ay makaunawa ngayon. Ngayon nais nating magsimula sa Deuteronomio, ang ika-29 na kabanata, sa ika-16 na talata. Ngayon pakinggan. Si Moises ay nangungusap.

> *Sapagka't talastas ninyo kung paanong tumahan tayo sa lupain ng Egipto; at kung paanong tayo'y pumasok sa gitna ng mga bansang inyong dinaanan;*
>
> *At inyong nakita ang kanilang mga karumaldumal, at ang kanilang mga idolo, na kahoy . . . bato, pilak . . . ginto, na nasa gitna nila:)*

204 Ang bawat isa ay nagdala ng isang munting bagay o iba pa, isang munting rebulto ni Santa Cecilia. Alam n'yo na, anong bagay tulad niyan, kita n'yo. "Baka kung magkagayo'y . . . " Pakinggan.

> *Baka magkaroon sa gitna ninyo ng lalaki, . . . babae, o angkan, o lipi, na ang puso'y humiwalay sa araw na ito sa Panginoon nating Dios, na yumaong maglingkod sa mga dios ng mga bansang yaon; baka magkaroon sa gitna ninyo ng isang ugat na nagbubunga ng nakakalason at ng ajenjo;*

At mangyari, na pagka kaniyang narinig ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang—na kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, at sasabihin, Ako'y . . . magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako'y lumalakad sa pagmamatigas ng aking puso, . . .

205 Kita n'yo, sinasabi ng mga taong, "Oh, kaniyang binasbasan ang kaniyang sarili." Alam n'yo, gumawa ng isang munting krus o isang bagay, tulad ng ginagawa nila ngayon, kita n'yo; siya ring bagay, kita n'yo. At kita n'yo ito'y isang paganong kaugalian, kita n'yo, ang—ang pagano.

. . . kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang sariling puso, . . . ang kaniyang sariling imahinasyon sa kaniyang sariling pag-iisip, upang ilakip ang paglalasing sa kauhawan:

206 "Maglasing lamang, iya'y walang anumang pagkakaiba; basta't ikaw ay nagtutungo sa simbahan, ika'y mabuti."

Kung gayo'y hindi siya patatawarin ng PANGINOON, *kundi ang galit nga ng* PANGINOON . . . *ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat* ("Huwag mag-aalis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isa Rito," kita n'yo.) *na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng Panginoon ang kaniyang . . . papawiin ang kaniyang pangalan sa silong ng langit.*

207 Iya'y habang siya'y narito sa lupa, kita n'yo, "sa silong ng langit."

At ihihiwalay siya ng PANGINOON *sa lahat ng mga lipi sa Israel, ayon sa lahat ng mga sumpa ng tipan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan:*

208 Samakatuwid, "Kung ang sino man ay maglilingkod sa isang diyus-diyosan, o magtago ng isang diyus-diyosan sa kaniya, at basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang sariling imahinasyon ng kaniyang pag-iisip, at maglingkod sa mga diyus-diyosan," sabi ng Diyos, "lalaki, babae, angkan, o isang lipi, ang kaniyang pangalan ay ganap na papawiin, mula sa kalagitnaan ng mga tao." Ngayon, tama ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Gaano katotoo!

209 Ang pagsamba sa diyus-diyosan ay gumawa ng parehong bagay sa iglesya, mga taon na ang nakalilipas, at ganoon din ngayon. At napansin ko . . . Pagmasdan kung paanong ang anti-cristo ay nagtangkang gumawa ng isang kilos na salungat. Gaano karami ang nakakaalam na ang Diablo ay tumitipo at humahalintulad ayon sa—sa mga banal ng Diyos?

210 Ano ang—ano ang kasalanan? Ay tamang bagay na lihis. Ano ang isang kasinungalingan? Ay ang katotohanang iprinisinta ng

mali. Ano ang pangangalunya? Ay ang tamang gawa, legal na gawa, ginawang mali. Kita n'yo?

211 Ngayon, sa pagsisikap na gawin ito, "pawiin ang isang pangalan," napansin n'yo ba sa kapanahunan ng iglesya, ang siya ring hayop na naglilingkod sa mga imahen ng mga patay na tao, at kung anu-ano pa, ay nagtangkang alisin ang Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, at nagbigay ng mga titulo tulad ng Ama, Anak, at Espiritu Santo. Gayun ding bagay, kasama ang sumpang iyan sa likuran niyon, tulad niyan.

212 Ginawa mismo iyan ni Dan at ni Ephraim, sa ilalim ng isang kaipokrituhan ng isang hari sa Israel, isang impostor, si Jeroboam. Ngayon, pansinin, sa Unang Mga Hari ang ika-12 kabanata. Alam kong tayo'y . . . Ito, sa akin, ito—ito—ito ay naglalatag ng isang larawan kung saan makapagbabatay tayo, anong nakita natin. Unang Mga Hari, nais kong tumungo sa ika-12 kabanata, ika-25 hanggang sa ika-30 talata.

> *Nang magkagayo'y si Jeroboam . . . Sichem sa lupaing maburol ng Ephraim, at tumahan doon; at siya'y umalis mula roon . . . at itinayo ang Penuel.*
>
> *At ngayon sinabi ni Jeroboam sa . . . kaniyang—kaniyang puso,* (kita n'yo, ang haka ng kaniyang puso) *Ngayo'y mababalik ang kaharian sa sangbahayan ni David:*

213 Siya ay natatakot na, kita n'yo, pagka't baka lumabas ang mga tao.

> *Kung ang bayang ito ay umahon upang . . . maghandog ng mga hain sa bahay ng* PANGINOON *sa Jerusalem, ang puso nga ng bayang ito'y mababalik muli sa kanilang panginoon, sa makatuwid baga'y kay Roboam na hari sa Huda, at ako'y papatayin nila, at mababalik . . . kay Roboam—Roboam na hari sa Juda.*
>
> *Kaya't ang hari ay kumuhang payo, at gumawa ng dalawang guyang ginto; at sinabi niya sa kanila, Mahirap sa inyo na magsiahon sa Jerusalem; tingnan mo ang iyong mga dios, Oh Israel, na iniahon ka . . . mula sa lupain ng Egipto.*
>
> *At inilagay niya ang isa sa Beth-el, at ang isa'y inilagay sa Dan.*
>
> *At ang bagay na ito ay naging kasalanan: sapagka't ang bayan ay umahon upang sumamba sa harap ng isa, hanggang sa Dan.*

214 Kita n'yo, si Ephraim sa Bethel, at si Dan, at sila ay nagsipaglagay ng mga diyus-diyosan. At ang mga ito ay nagsilabas upang sambahin ito.

215 At heto nga tayo, deretso pababa tungo sa kapanahunan ng Milenyum, halos, at natatandaan pa rin ng Diyos ang kasalanang

iyan. Ni hindi sila naibilang doon. Hey! Kaluwalhatian! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng minsan—Pat.] Kasing tiyak lamang ng pag-alala Niya sa bawat mabuting pangako, naaalala Niya ang bawat isang masama, rin. Tandaan lamang, kapag . . .

216 Iyan ang dahilan na naniniwala ako, mga kaibigan, palagi kong sinisikap na manatili sa Salitang iyan, kahit na gaano pa tila kakaiba Ito.

217 Kita n'yo, ngayon, hindi nila iniisip ang tungkol diyan doon noon. Hindi nila pinag-isipan iyan noon. Naisip nila na, "Buweno, makakapagpatuloy sila kasama nito." O sige.

218 Ngunit heto sila banda rito sa kapanahunan ng Milenyum na ito na darating, nang ang mga pangalan nila at mga angkan ay "pinawi" mula roon, sapagka't naglingkod sila sa pagsamba sa diyus-diyosan, iyang isinumpa ng Diyos.

219 Hindi ba sinabi Niyang "kinamumuhian" Niya ang mga Nicolaita at ang Jezebel na iyan? Lumayo kayo mula riyan. Hindi ba sinabi Niyang papatayin Niya ang mga anak na babae ni Jezebel na may pagpatay ng "kamatayan," na isang Walang Hanggang pagkakahiwalay mula sa Kaniyang Presensiya? Huwag manalig doon, sa anumang paraan. Lumayo mula roon. Kaya, nakakaalala ang Diyos. Pansinin.

220 Ngunit napansin n'yo ba rito, iyan ay "papawiin"? Bakit? Sa ilalim ng Langit walang madaliang Handog na makapagbibigay sa kaniya ng Espiritu Santo, upang hayaang makita niya ang mga bagay na ito. Ngunit ginawa niya iyon, kahit papaano, sa sarili niyang makasariling kaisipan.

221 Ngunit, si Ezekiel, sa kaniyang pangitain, sa Milenyum, nakita niya muli sila sa ganap na kaayusan. Ezekiel, kung gusto ninyong basahin iyan. Isulat lamang iyan, at mababasa n'yo iyan, upang makatipid ng oras. Ezekiel 48:1 hanggang 7, basahin din ang 23 hanggang 29. Nakita ni Ezekiel ang bawat angkan na sadyang tamang-tama sa kaayusan. Tama.

222 At, gayun din, sa Apocalipsis 14, nakita silang muli ni Juan sa pang-angkang kaayusan, iya'y tama, bawat angkan sa kaniyang dako. Anong nangyari?

223 Tandaan ninyo, ang sabi Niya, "Sa silong ng langit, na ang kaniyang pangalan ay papawiin mula sa pang-angkang gawain." Hangga't siya ay nasa silong ng kalangitan, hindi na magkakaroon pa. At itong sangdaan at apatnapu't apat na libo ay narito sa pang-angkang bahagi, gayun pa man. Tama. Ngunit, kita n'yo, sila ay binulag. Mayroong lamang silang mga handog na mga toro at mga kambing. Kita n'yo? Ngayon pansinin, binura Niya sila, "sa silong ng langit."

224 Ngunit ang Gentil, sa mga araw ng Espiritu Santo, laban Doon; ang pangalan n'yo ay tinanggal ng lubos mula sa Aklat

ng Buhay, "at hindi na magkakaroon pa ng kapatawaran, sa mundong ito o sa mundong darating." Tama ba iyan? Kaya doon ay kung saan tayo nakatayo.

225 Ang Israel, sa ilalim ng mga kambing, tupa, sila—sila ay mayroon ngang isang dako. Hangga't sila ay nasa lupa rito, ang kanilang mga angkan ay nawawala. Hindi sila kailanman maisasama. Ngayon, lahat . . . Nang tawagin Niya sila, banda roon, ang sangdaan at apatnapu't apat na libo, sila ay nawawala. Iya'y tama. Ni hindi man lang sila naibilang doon. At si Jose at si Levi ay nailagay sa puwesto ni Dan at ni Ephraim. Ngayon maari kayong tumingin diyan. Doon mismo iyan ay, nasa harapan n'yo, kita n'yo. At narito ang pangako ng Diyos, sa pagbabalik doon, daan-daan at daan-daang mga taon bago iyan. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng ilang beses—Pat.]

226 Ngayon, anong nangyari? Sila ay nilinis sa panahon ng kakila-kilabot na kapanahunan ng Kapighatian.

227 Ngayon, kung lilinisin ng Diyos iyan—ang dalagang iyan, iyan ay isang mabuting babae, ngunit siya lang ay nabigo na makakuha ng langis para sa kaniyang ilawan, at lilinisin Niya siya sa pamamagitan ng pag-uusig doon. Inilagay Niya silang mga angkan mismo roon, para sa gayun ding bagay, at lilinisin sila sa panahon ng Kapighatian. Sapagkat, iyan ay isang—isang paglilinis. Ito'y paghuhukom. Ngunit, kita n'yo, sila, makaraan . . . At, tingnan dito, heto dumarating ang sangdaan at apatnapu't apat na libo, makaraan ang paglilinis ng Israel. At heto rin dumarating ang nangatutulog na dalaga, dumating, nalinis, at mayroong mga suot na mapuputing damit. Kita n'yo? Gaano kaperpekto! Gaano iyan kaganda!

228 Tulad na lamang ni Jacob, sa panahon ng kabagabagan, kita n'yo. Sila . . . Si Jacob, sa panahon ng kabagabagan. Siya ay nakagawa ng mali. Ngunit siya ay nagdaan sa paglilinis na panahon sapagkat ginawan niya ng mali ang kaniyang kapatid na lalaki, si Esau. Kita n'yo, siya ay nandaya, upang kunin ang kaniyang pagkapanganay. Ngunit siya ay nagdaan sa isang paglilinis bago nabago ang kaniyang pangalan mula sa Jacob patungong Israel, na isang tipo ng kaayusan ng Diyos, tumipo sa araw na ito.

229 Ngayon, tayo'y babaling ngayon sa ika-8 talata ng . . . o ang unang talata, ibig kong sabihin, ng ika-8 kabanata; ng Apocalipsis 8:1.

230 Alam kong pagod kayo. Ngunit, ngayon, sikapin lamang na makinig ng ilang minuto ngayon. At, tulungan tayo ng Diyos sa Langit, ang dalangin ko.

231 Kailangan nating tandaan na ang Ikapitong Tatak na ito ay ang katapusan ng panahon, ng lahat ng mga bagay. Iya'y tama. Ang mga bagay na naisulat sa Aklat na may Pitong Tatak, natatakan, sa plano ng katubusan mula pa ng bago itatag ang

sanlibutan, bawat munting mga dulo nito. Ito ay ang katapusan; ito ang katapusan ng nagpupunyaging sanlibutan. Ito'y ang katapusan ng nagpupunyaging kalikasan. Ito ang katapusan ng lahat ng bagay. Doon, ito ang katapusan ng mga Trumpeta. Ito ang katapusan ng mga Mangkok. Ito ang katapusan ng mundo. Ito ang . . . Ito rin ang katapusan ng panahon.

232 Ang panahon ay nagtapos na. Sabi nga ng Biblia. Mateo, ang ika-7 kabanata . . . Ibig kong sabihin, Apocalipsis, ang ika-7 kaba- . . . ika-10 kabanata at ang . . . at 1 hanggang ika-7 talata. Ang panahon ay nagtapos na. Sabi ng Anghel, "Ang panahon ay hindi na magluluwat," kapag iyan, sa mga araw ng dakilang bagay na ito na magaganap.

233 Lahat ng bagay ay nagtapos, sa panahong ito, ang katapusan ng—ng . . . sa katapusan ng Ikapitong Tatak na ito. Pansinin. Ito ang katapusan ng kapanahunan ng iglesya. Ito ang—ang katapusan ng Ikapitong Tatak. Ito ang katapusan ng mga Trumpeta. Ito ang katapusan ng mga Mangkok, at maging ang katapusan ng pagpapapasok sa Milenyum. Iya'y sa Ikapitong Tatak.

234 Ito'y parang katulad lamang ng pagpapasibad ng isang kuwitis patungo sa himpapawid. At ang kuwitis na iyan ay sumabog *dito*, at iyan ay pumaitaas at pagkatapos ay sumabog muli. Iyan ay naglalabas ng limang mga bituin. Ang isa sa mga bituing iyon ay sumasabog at nagbubuga ng limang mga bituin mula roon; at pagkatapos ng isa sa mga bituing yaon ay sumasabog at nagbubuga ng limang mga bituin mula roon. Kita n'yo, ito ay maglalaho.

235 Iyan nga, kung ano, ang Ikapitong Tatak. Tinatapos lamang nito ang panahon para sa mundo. Tinatapos nito ang panahon para *rito*. Tinatapos nito ang panahon para *roon*. Tinatapos nito ang panahon para *rito*. Tinatapos nito ang panahon. Ang lahat ng bagay ay sadyang nagtapos sa Ikapitong Tatak na iyan.

236 Ngayon, paano Niya gagawin ito? Iyan ang hindi natin alam. Di ba? Hindi natin alam.

237 Ito din ang panahon para sa lahat ng mga bagay na ito, at ang pagpasok ng Milenyum.

238 Pansinin, ang pagbubukas ng Tatak na ito ay napaka dakila, na, ang Langit ay pinatahimik Nito, "nasa katahimikan, sa loob ng kalahating oras." Ngayon, Ito ay dakila! Ano Ito? Ito ay pinatahimik, Kalangitan. Wala ni isang bagay ang gumalaw, sa loob ng kalahating oras.

239 Ngayon, ang isang kalahating oras ay maaring hindi mahaba kung kayo'y nagkakaroon ng isang mainam na panahon. Ngunit, sa pananabik sa pagitan ng kamatayan at Buhay, iyan ay tila tulad sa isang Milenyum. Iyan ay napaka dakila!

Hindi Iyan binanggit ni Jesus. Wala alinman sa kanila.

240 Ni hindi makapagsulat si Juan tungkol Diyan. Hindi, pinagbawalan siya na magsulat *dito*. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang kaniyang Biblia ng dalawang beses—Pat.] Kita n'yo, mayroon lamang isang . . . sadyang . . . Hindi Niya isinulat Ito, ngunit ito ay katahimikan.

241 At ang apat at dalawampung mga matatanda na nangakatayo sa harap ng Diyos, Doon, na tumutugtog ng kanilang mga alpa; tinigilan nila ang pagtugtog sa kanilang mga alpa.

Itinigil ng mga Anghel ang kanilang awitan, sa Langit.

242 Isipin! Ang banal na mga Querubin at mga Serapin, na nakita Ito ni Isaias sa templo, na may anim na pares . . . o tatlong pares ng mga pakpak. Tatlo . . . Dalawa sa kaniyang mukha, at dalawa sa kaniyang mga paa, at lumilipad. At araw at gabi, nasa harapan Sila ng Diyos, umaawit, "Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat!" At maging nang Sila ay lumakad papasok, o tumungo sa loob ng templo, ang mga haligi ng templo ay nayanig, sa kanilang—kanilang presensiya.

243 At ang mga banal na Serapin na ito ay tumahimik. Ang mga Anghel ay tumigil sa pag-awit. Uh-huh. Whew! Lumilipad sa Presensiya ng Diyos, umaawit, "Banal, banal, banal," Sila ay tumigil. Walang mga Anghel na umaawit. Walang mga papuri. Walang—walang gawain sa dambana. Wala, walang anumabg bagay. Mayroong katahimikan; pinatahimik, sobrang katahimikan sa Langit, sa loob ng kalahating oras.

244 Lahat ng hukbo ng Langit ay tahimik sa loob ng kalahating oras, nang ang Ikapitong Tatak na hiwaga ng Aklat ng Katubusan ay nabuksan. Isipin iyan. Ngunit, Ito'y bukas. Binuksan Ito ng Cordero. Alam ninyo kung ano? Sila ay pinamangha Niyon, ako ay naniniwala. Hindi nila alam; hayun nga Ito! Sila ay sadyang tumigil.

245 Bakit? Ano Iyon? Ngayon, walang nakakaalam sa atin. Ngunit, ako—sasabihin ko sa inyo, sa aking—aking kapahayagan hinggil Dito.

246 At, ngayon, hindi ako mahilig na maging isang panatiko. Kung ako nga, wala akong kaalaman tungkol dito, kita n'yo. Ako ay . . . Hindi ako napadadala sa mga gayon na tulad sa mahahalay na gawi at mga bagay na likhang-isip.

247 Nakapagsabi ako ng ilang mga bagay, maaring para bang tipong di-karaniwan sa ibang mga tao. Ngunit kapag dumating ang Diyos, sa likod Nito, at pinagtibay Ito at sinabing Ito ang Katotohanan, kung gayon iya'y Salita ng Diyos. Kita n'yo? Maaring Ito ay tila kakatwa, sa gayong paraan. Kita n'yo?

248 At ngayon, kasing tiyak ng pagtayo ko sa entablado ngayong gabi, taglay ko ang kapahayagan na nahayag. Ito'y nasa tatlong

tuping paraan. Na ipangungusap ko sa inyo, sa tulong ng Diyos, ng bawat isang tupi Niyon. At pagkatapos kayo . . . Pumunta tayo roon, muna. Heto ang kapahayagan, upang pasimulan kung anong nais kong sabihin sa inyo, ano Iyon. Ang naganap, ay ang . . . Ang Pitong Kulog na iyon na narinig niya na kumulog, at ipinagbawal na isulat; iyan nga ang hiwaga, nakalatag sa likod ng Pitong sunod-sunod na Kulog na iyon na dumadagundong. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng ilang beses—Pat.]

249 Ngayon, bakit? Patunayan natin iyan. Bakit? Iyan ang lihim na walang sinuman ang nakaka-alam. Si Juan ay pinagbawalan na sumulat tungkol Doon, maging—maging sumulat ng isang simbolo tungkol Doon. Bakit? Ito ang dahilan kung bakit walang gawain—masiglang gawain sa Langit: maaring maipabatid niyon ang lihim. Nakita n'yo na ba iyan ngayon? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

250 Kung Ito'y napaka dakila, Ito ay kailangang maisama, sapagkat kailangang Ito ay maganap. Ngunit nang ang Pitong Kulog . . .

251 Ngayon pansinin. Nang ang pitong Anghel ay dumating upang hipan ang kanilang mga Trumpeta, may isang kulog. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng minsan—Pat.] Nang natipon ang Israel, may isang trumpeta. "Kapag ang panahon ay hindi na magluluwat," ang huling trumpeta, isang kulog.

252 Ngunit dito ay Pitong deretsong mga Kulog, mismo sa isang hanay: isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, ang sakdal na numerong iyan. Pitong Kulog sa isang hanay, bumigkas, hindi . . . gumagawa lamang—lamang ng isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, deretso. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng pitong beses—Pat.] Pagkatapos, hindi maisulat Iyan ng Kalangitan. Ang Kalangitan ay hindi makaka-alam hinggil dito, wala ng iba pa, sapagkat wala ng anupaman upang magpatuloy. Ito ay isang pamamahingang oras. Ito ay napaka dakila, hanggang, Ito ay ginawang lihim mula sa mga Anghel.

253 Ngayon, bakit? Kung mahahawakan Ito ni Satanas, maari siyang makagawa ng isang napakalaking pinsala. May isang bagay na hindi niya alam. Ngayon, magagawa niyang ipaliwanag ang anumang bagay na naisin niya, at gayahin ang anumang uri ng isang kaloob, (Sana natututo kayo), ngunit hindi niya malalaman Ito. Ni hindi man lang Ito naisulat sa Salita. Ito'y isang ganap na lihim.

254 Ang mga Anghel, lahat ng bagay, tumahimik. Kung sila ay gumawa ng isang kilos, maaring iyan ay maghayag ng isang bagay, kaya sila ay tumahimik lamang, huminto sa pagtugtog ng alpa. Lahat ng bagay ay tumigil.

255 Pito, perpektong numero ng Diyos. Pito, [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng pitong beses—Pat.] deretso lang pababa sa hanay. Pitong Kulog ang bumigkas ng sama-sama deretso, tulad ng sila ay nagbabaybay ng isang bagay. Pansinin, sa panahong iyan, nagpasimula si Juan na isulat Iyan. Ang sabi Niya, "Huwag isulat Iyan."

256 Hindi nangusap si Jesus ng tungkol Doon. Hindi Iyon maisulat ni Juan. Walang nalalamang anuman ang mga anghel tungkol Doon. Ano Iyon? Iyon ang bagay na, sabi ni Jesus, "Maging ang mga Anghel ng Kalangitan ay hindi nalalaman" ang anumang bagay tungkol Doon. Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi niya alam Iyon, sa Kaniyang sarili. Sabi, "Tanging ang Diyos" lamang ang makakaalam Niyon.

257 Ngunit sinabi Niya sa atin, kapag ating "nasimulang makita ang mga tanda na ito na dumarating." Ngayon may nauunawaan ba kayo? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuti. Pansinin, ating "nasimulang makita ang mga tanda na ito ay dumarating." Kita n'yo?

Kung mahahawakan Ito ni Satanas . . .

258 Kung may isang bagay kayo na nais na maganap . . . Ngayon kailangan ninyong kunin ang salita ko para rito. Kung nagpa-plano ako na gumawa ng isang bagay, alam kong mas makabubuting hindi ko sabihin kaninuman ang tungkol doon. Hindi dahil sa sasabihin ito ng taong iyan, ngunit maririnig ito ni Satanas. Kita n'yo? Hindi niya makukuha ito, sa puso ko rito, hangga't ito ay sinarahan ng Diyos sa Espiritu Santo, kaya ito'y sa pagitan ko lamang at ng Diyos. Kita n'yo? Wala siyang alam tungkol dito hanggang sa salitain mo ito, pagkatapos ay maririnig niya ito. At sinubukan kong . . . Sinabi ko sa mga tao na gagawin ko ang isang-isang bagay, at pinipigilan ng diablo ang bawat gulong na kaya niya, upang makaparoon, kita n'yo, upang unahan ako roon. Ngunit kung nakuha ko ang kapahayagan mula sa Diyos, at hindi na lamang magsabi ng anuman tungkol doon, kung gayon ito'y iba.

259 Tandaan, pipilitin ni Satanas na magpanggap. Pipilitin niyang gayahin ang lahat ng bagay na gagawin ng Iglesya. Pinilit niyang gawin ito. Napansin natin ito, sa pamamagitan ng anti-cristo.

260 Ngunit ito ang isang bagay na hindi niya magagaya. Hindi magkakaroon ng mga panggagaya rito, kita n'yo, pagka't hindi niya alam Ito. Walang anomang paraan para sa kaniya upang malaman Ito. Ito ang Ikatlong Hatak. Sadyang wala siyang nalalamang anuman tungkol Dito. Kita n'yo? Hindi niya naunawaan Ito.

261 Ngunit may isang lihim na nakapaloob sa ilalim Niyon! [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng minsan—Pat.] Kaluwalhatin sa Diyos sa Kaitaasan! Hindi na ako makapag-

iisip pa kailanman na gaya ng dati, sa nalalabi pa ng aking buhay, ng makita ko. Ngayon, hindi ko alam kung ano . . . Alam ko ang susunod na hakbang doon, ngunit hindi ko alam kung ano, kung paanong ipapaliwanag iyan. Iyan ay hindi magtatagal. Naisulat ko rito, nang iyan ay naganap, kung makikita n'yo rito, "Tigil. Huwag nang lalayo pa kaysa dito mismo rito." Hindi ako mahilig sa pagiging isang panatiko. Sinasabi ko lamang ang Katotohanan.

262 Ngunit natatandaan n'yo ba ang munting sapatos, na palagi kong sinisikap na ipaliwanag kung paanong ang kaluluwa ay nalalagay sa tabi ni *gayo't ganito*, at ang pang-loob na konsensiya, at lahat ng uring bagay na iyan? Na, iyan ay gumawa lamang ng isang malaking pangkat ng mga pagpapanggap na nagsimula pagkatapos niyan. Kung paanong kailangan pa nilang kunin ang kamay, at hawakan ang mga tao, at magkaroon ng panginginig? Ang lahat ng tao ay may panginginig sa kanilang mga kamay.

263 Ngunit tandaan ninyo, ng dalhin Niya ako roon sa itaas, at sinabi, "Ito ay iyang Ikatlong Hatak, at walang makakaalam Nito." Natatandaan n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ang mga pangitain ay hindi mabibigo. Ang mga ito ay talagang ganap na Katotohanan.

264 Ngayon pansinin. Natatandaan n'yo ba ang pangitain ng isang hanay ng mga bituin? Charlie, Ako . . . Heto na nga kayo.

265 May bagay na nagaganap, sinabi ko sa inyo, sa linggong ito, na kayo . . . Ito'y laging nasa lahat ng paligid n'yo, ngunit iniisip ko kung napansin n'yo ito.

266 Natatandaan n'yo ba ang isang hanay ng mga bituin, ng pangitain ng mga Anghel, nang umalis ako rito upang magtungo sa Arizona? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."] Natatandaan n'yo ba "*What Time Is It, Sirs?*" ["Amen."—Pat.] Natatandaan n'yo iyan? Pansinin, mayroon lamang isang napakalakas na pagdagundong ng kulog, at pitong Anghel ang lumitaw. Tama ba iyan? ["Amen."] Isang pagdagundong ng kulog, pitong Anghel ang lumitaw.

> *At nakita ko ang* Cordero nang kaniyang buksan ang *unang* tatak*, at aking narinig, na nagsalitang gaya ng* tunog *ng isang kulog,* at *isa sa apat na nilalang na buhay ay* nagsabing*, Halika at tingnan.*

267 Pansinin, isang kulog, Pitong Mensahe na natatakan at hindi mahahayag hanggang sa huling araw, ng kapanahunang ito. Nakita n'yo kung ano ang ibig kong sabihin? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

268 Ngayon, napansin n'yo ba ang mahiwagang bahagi ng sanlinggong ito? Iyan nga kung ano Ito. Iyan nga kung ano dati Ito. Hindi ito naging isang taong nilalang, isang—isang tao. Ito ay mga Anghel ng Panginoon. Pansinin.

269 May mga saksi, na tatlo, na nakaupo rito, na sanlinggo na ang nakalipas, mahigit ng kaunti sa sanlinggo ang nakakalipas, ako ay nasa itaas, doon sa mga kabundukan, halos malapit sa Mexico, na kasama ang dalawang kapatid na nakaupo rito. Nangunguha ng matinik na bunga o damong matinik, mula sa binti ng pantalon ko; at isang pagsabog ang narinig, na halos, para bang, niyanig ang mga kabundukan pababa. Ngayon, iya'y tama. Hindi ko sinabi sa mga kapatiran ko, ngunit nakapansin sila ng isang pagkakaiba.

270 At ang sabi Niya sa akin, "Ngayon maging handa. Tumungo sa silangan. Narito ang pagpapaliwanag ng pangitaing iyon." Kita n'yo? Ngayon, upang ipaalam sa inyo, hindi nahuli ni Kapatid na Sothmann ang hayop na kanyang hinahunting. Sinisikap naming makuha iyan para sa kaniya. At ang sabi Niya, "Ngayon, sa gabing ito, bilang isang tanda sa iyo, hindi niya gagawin iyan. Kailangan mong ilaan ang iyong sarili sa oras na ito para sa pagbisita ng mga Anghel na ito." At nawala ako sa sarili kong kamalayan, naaalala n'yo.

271 At nasa kanluran ako. Ang mga Anghel ay papunta sa silangan. At sa Kanilang pagdating, ako ay naiangat paitaas kasama Nila, (natatandaan n'yo iyan?) papunta sa silangan. [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

272 At si Kapatid na Fred, naririto sa gabing ito, ay isang saksi, at si Kapatid na Norman. Nang pumunta kami, halos makumbinsi ko ang taong iyan na manatili at gawin ang kaniyang pangangaso. Tama ba iyan, Kapatid na Sothmann? [Kapatid na Fred Sothmann, "Amen."—Pat.] Oo, doon, nakatayo mismo roon. Nahikayat ko; ngunit, gayun pa man, ang sabi Niya, "Hindi na niya gagawin iyan." Wala na akong sinabi; nagpatuloy.

273 Isang bagay, sa pagkaupo sa may tabi ng tolda, ng araw na . . . Natatandaan mo ba, Kapatid na Sothmann. At ako, kaagad-agad ng ang ilang mga bagay ay nasabi, na inilagay kita at si Kapatid na Norman . . . Nasaan si Kapatid na Norman? Naroon sa likod. At sila ay pinanumpa, na hindi nila babanggitin kung anong nagaganap. Tama ba iyan? [Sinabi ng mga kapatid na, "Amen. Iyan ang katotohanan."—Pat.] Tumalikod ba ako at lumakad palayo mula sa toldang iyan, ng *paganiyan*? Tama ba iyan? ["Iya'y tama."]

274 Sapagkat, ito nga yon kung ano iyon, tamang-tama kung ano iyon, at nalalaman na hindi ko masasabi ito hanggang sa ito ay maganap, tingnan kung mauunawaan ng mga tao ito.

275 At napansin n'yo ba? "Ang isang Anghel na iyan," sabi ko, "na doon, ay isang di-pangkaraniwang Anghel." Siya ay higit sa paningin ko kaysa sino man sa iba sa Kanila. Natatandaan n'yo ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."] Sila ay nasa isang pagkakahanay; tatlo sa bawat bahagi, at isa sa itaas. At isa

mismo sa tabi ko rito, pagbilang pa mula sa kaliwa patungo sa kanan, ay magiging ang ikapitong Anghel. Siya ay mas maliwanag, mas higit sa akin ang halaga kaysa sa iba pa sa Kanila. Natatandaan n'yo? Sabi ko, "Ang Kaniyang dibdib ay nakaliyad, tulad *niyan*, at lumilipad patungong silangan" (natatandaan n'yo) "tulad niyan." Sabi ko, "Dinampot ako Niyon; iniangat ako pataas." Natatandaan n'yo iyan? ["Amen."]

276 Heto Iyan, ang isa na taglay ang Ikapitong Tatak, ang bagay na pinagtatakhan ko sa buong buhay ko. Amen! Ang ibang mga Tatak na ito ay nangangahulugan ng napakalaki sa akin, siyempre, ngunit, oh, hindi ninyo alam kung anong naging kahalagahan Nito, sa isang pagkakataon sa buhay! [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng ilang beses—Pat.]

277 Ako ay nanalangin, ako ay tumawag sa Diyos. Ako—Ako—Ako. . . Makaraan ang pagtitipon na iyan sa Phoenix. . . Sino man sa mga tao, doon na kasama ko, ay alam. Nanatili ako sa mga kabundukan.

278 Isang umaga, ako ay bumangon at umaakyat sa Sabino Canyon, yaong malalaking, baku-bakong, mataas na mga bundok. At umakyat ako roon. At may isang maliit na bakas ng paa, pagkatapos mong lumihis, patungo paakyat sa Bundok ng Lemmon, na may tatlumpung-milyang lakad, malapit halos sa tatlumpung-talampakan ng niyebe sa taas doon. Kaya, sa itaas sa bundok, talagang maaga bago umaraw, umaakyat sa pamamagitan ng munting bakas ng paa na ito, iginugulong ang mga bato sa pagpapatuloy. Nadama kong napangunahan na bumaling sa daang *ito*. At ako ay bumaling, at umakyat sa isang napakalaking, tulis-tulis na mga bato, oh, naku, daan-daang mga talampakan ang taas.

279 At ako ay lumuhod sa pagitan ng mga batong iyon. Ibinaba ko ang Bibliang *ito*, at ibinaba ang aklat na ito. . . ang munting sulatang *ito*. [Ipinakita ni Kapatid na Branham ang kaniyang Biblia at sulatan—Pat.] Sabi ko, "Panginoong Diyos, ano ang ibig sabihin ng pangitaing ito? Ako—Ako'y—Ako'y. . . " Sabi ko, "Panginoon, iyan. . . Nangangahulugan ba iyan ng kamatayan ko?"

280 Natatandaan n'yo ba, sinabi ko sa inyo, "Naisip ko na iyon ay maaring nangangahulugan ng kamatayan ko, pagka't may isang bagay na sumabog hanggang sadyang yanigin ako niyon ng labis." Natatandaan n'yo ba iyon. Ilan ang nakakaalam nito, ang nakarinig nito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Aba, tiyak, kita n'yo, lahat sa inyo. At naisip ko na iyon ay nangangahulugan ng kamatayan ko.

281 At pagkatapos sa silid, ang sabi ko, "Ay. . . Ano—ano—ano iyan, Panginoon. Ano—ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ba ito na ako'y mamamatay? Kung iyon nga, o sige, hindi ko sasabihin sa aking pamilya. Hayaan mo lamang

akong umalis, kita n'yo, kung tapos na ang gawain ko." At ang sabi ko. . .

282 Ngayon, ano iyon? Ngunit Siya ay nagpadala ng isang saksi pabalik, natatandaan n'yo na sinasabihan ko kayo, na iyon ay hindi ganon. Iyon ay sa ikadaragdag pa ng gawain ko. Oh, oh, oh! Nakuha n'yo ito? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? At nakaupo sa taas sa Sabino Canyon. . .

283 Alam ito ng Makalangit na Ama. Sadyang kasing totoo na nakita n'yong iyan ay naganap, ang mga Anghel na iyon ay bumaba mismo at pinagtibay ang bawat Mensahe na gayun din. Kung gayon, alam n'yo kung Ito ay dumating mula sa Diyos, o hindi. Ito ay inihula, sa inyo, sa pamamagitan ng isang pangitain. Hindi ko masasabi sa inyo hangga't ang mga gawain ay hindi pa tapos, pagka't ako ay pinagbawalan nga.

284 Sa Sabino Canyon, sa pag-upo roon ng umagang iyon, nakataas ang aking mga kamay. At ang aking. . . At inilipad ng hangin ang luma kong itim na sombrero pababa. Nang. . . Ako ay nakatayo roon, na ang mga kamay ko ay nakataas, nananalangin. Sabi ko, "Panginoong Diyos, ano ang ibig sabihin nito? Hindi ko ito maunawaan, Panginoon. Ano ang gagawin ko? Kung ito na ang panahon ng aking paguwi-sa-Tahanan, hayaan mo akong pumaitaas dito, kung saan hindi nila ako matatagpuan. Ayokong may sino mang tumangis sa paligid, kung ako'y aalis na. Nais kong—kong isipin lamang ng pamilya na ako ay naglakad-lakad lamang. At hindi nila ako matatagpuan. Itago mo ako palayo kung saan. Kung aalis na ako palayo, bakit, hayaan mo akong umalis. Marahil ay matatagpuan ni Joseph ang Biblia ko na nakalapag dito, balang araw, at hayaan siyang gamitin Ito. Nakita n'yo, kung ako'y aalis na, hayaan ako na umalis, Panginoon." At ang mga kamay ko ay nakataas. At, bigla na lang, may anong bagay na tumama sa kamay ko.

285 Hindi ko alam. Hindi ko masasabi. Nakatulog ba ako? Hindi ko alam. Napunta ba ako sa isang kawalan ng malay-tao? Hindi ko alam. Iyon ba ay isang pangitain? Hindi ko masasabi sa inyo. Ang tanging bagay lamang na masasabi ko ay kung ano ang aking. . . Sadyang gayun ding bagay tulad nga ng mga Anghel na iyon!

286 At iyon ay tumama sa kamay ko. At ako ay tumingin, at iyon ay isang tabak. At iyon ay may mga perlas na hawakan, talagang maganda; at may isang panangga roon, na may ginto. At ang talim ay tulad ng isang bagay na gaya ng isang makinang na bagay, tulad ng pilak, lamang iyon ay talagang makinang. At iyon na napakanipis na matalas ang talim, oh, naku! At naisip ko, "Hindi ba ito ang pinaka magandang bagay!" Sadyang bumagay sa kamay ko! Naisip ko, "Iya'y talagang maganda.

Ngunit," sabi ko, "hey, ako'y laging takot sa mga bagay na tulad niyon, isang tabak." Naisip ko, "Anong gagawin ko riyan?"

287 At bigla na lamang ay isang Tinig ang yumanig pababa roon, na niyanig ang mga bato. Sabi, "Iya'y ang Tabak ng Hari!" At pagkatapos lumabas ako mula roon.

288 "Ang Tabak ng Hari." Ngayon, kung sinabi Niyon na, "Isang tabak ng hari . . ." Ngunit sinabi Niyon na, "Ang Tabak ng Hari." At mayroon lamang iisang "ang Hari," at iya'y ang Diyos. At mayroon Siyang isang Tabak, iyan ay ang Kaniyang Salita, kung ano ang ikinabubuhay ko. Iyan, kaya tulungan ako, Diyos; nakatayo sa Kaniyang banal na pulpito rito, kasama ang banal na Salitang ito na nakalapag dito! Ito ay ang Salita! Amen! Oh, anong araw na ang kinabubuhayan natin! Anong dakilang bagay! Nakita n'yo ba ang hiwaga at lihim? Ang Ikatlong . . .

289 Nakatayo roon ng iwanan ako nito, may Isang Bagay na dumating sa akin at ang sabi, "Huwag matakot." Ngayon, hindi ako nakarinig ng tinig. Tila nasa loob ko, ang nagsalita. Kailangang sabihin ko lamang sa inyo ang katotohanan, tamang-tama lamang kung anong naganap. Isang bagay ang tumama, at ang sabi, "Huwag matakot. Ito na yaong Ikatlong Hatak."

290 Ikatlong Hatak! Natatandaan n'yo Iyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang sabi Niya, "Ika'y mayroong napakaraming mga manggagaya rito, kung anong sinikap mo na ipaliwanag. Ngunit," sabi, "ni huwag mo lang susubukan, Ito." Natatandaan n'yo iyan? Ilan ang nakakaalala sa pangitain na iyon? ["Amen."] Aba, lahat ito ay naganap na. Iya'y nai-teyp, at nasa lahat ng dako. Iya'y mga anim na taon na ang nakalilipas, pitong taon ang nakalilipas. Pitong taon na ang nakalilipas. Sabi, "Huwag piliting ipaliwanag Iyan." Sabi, "Ito ang Ikatlong Hatak, ngunit kakatagpuin kita roon." Tama ba iyan? ["Amen."] Ang sabi Niya, "Huwag sikaping . . ."

291 Nakatayo ako na may hawak na isang—isang sapatos ng sanggol, nang sabihin Niya sa akin. Sabi, "Ngayon gawin ang iyong Unang Hatak. At kapag nagawa mo, ang isda ay susunod sa pamain." Sabi, "Pagkatapos ay bantayan ang iyong Ikalawang Hatak," sabi, "sapagka't Iya'y magiging isang maliit na isda lamang." Ang sabi Niya, "Pagkatapos ang Ikatlong Hatak ang kukuha niyan."

292 At lahat silang mga ministro ay pumaligid sa akin, sabi, "Kapatid na Branham, alam naming magagawa mo iyan! Aleluyah! Kapatid na Branham!" Doo'y kung saan ako palaging natatali, sa isang pangkat ng mga mangangaral. Kita n'yo? Mahal ko ang mga tao. Gusto nilang ipaliwanag mo ang lahat ng bagay, *ito, iyan*.

293 At ang sabi ko, "Buweno, uh, uh, uh," sabi ko, "Hindi ko alam." Sabi ko, "Nauunawaan ko ang pangingisda. Ngayon,"

sabi ko, "ngayon, unang bagay na gagawin mo. . .Heto ang paraan na ito'y ginagawa. Nakita n'yo ang lahat ng isda sa paligid; kailangan n'yong haltakin ang pamain." Buweno, iyan eksakto ang mga taktika ng pangingisda. Kaya sabi ko, "Haltakin ang pamain. Ngayon, kita n'yo, nang hinaltak ko ang pamain, sa unang pagkakataon, ngayon ang isda ay susunod doon." Ngunit ang mga ito ay maliliit. At katulad lamang ito ng kanilang nahuhuli.

294 Kaya pagkatapos aking—aking sinabing, "Pagkatapos ay inyong—inyong ilalagay. . . " At hinaltak ko iyan, sa pampang. At nakahuli ako ng isang isda, ngunit iyon ay parang isang balat sa pamain, iyon lamang ay. . . napaka liit niyon.

295 At pagkatapos nakatayo ako roon, at may Isang Bagay na nagsabing, "Sinabi ko sa iyong huwag mong gagawin iyan!"

296 At nagsimula akong umiyak. Lahat ng mga linya ay nagkapulu-pulupot sa akin, tulad *nito*. At ako ay mayroong. . . nakatayo roon, umiiyak, na ang ulo ko ay nakayuko tulad *niyan*. Sabi ko, "O Diyos! Oh, Ako. . .Patawarin ako! Ako— ako'y isang istupidong tao. Panginoon, huwag. . .Patawarin ako!" At ako— taglay ko ang taling ito.

297 At iyan, kung ano ang nasa kamay ko, ay isang sapatos ng isang munting sanggol, mga *ganiyan* kahaba. At hawak ko ang taling iyan, mga halos kasing laki tulad sa palibot ng daliri ko, mga kalahating pulgada, parang. At ang suotan ng sintas na maliit sa sapatos na ito ay halos kasing laki ng sukat ng isang. . . mas maliit kaysa isang—isang ikalabing-anim na bahagi ng isa, siguro, ng isang pulgada, sa butas na suotan ng sintas. At pinipilit kong sintasan ang munting sapatos na ito, nitong lubhang malaking isang pulgadang-sintas. Huh!

298 Isang Tinig ang dumating, sabi, "Hindi mo matuturuan ang Pentekostal na mga sanggol ng mga supernatural na mga bagay." Sabi, "Ngayon, pabayaan mo lamang sila!"

299 At bigla lamang ay binuhat Niya ako pataas. Iniangat Niya ako, at iniupo ako sa isang mataas na dako, kung saan ang isang pagtitipon ay nagaganap. Parang isang tolda o isang katedral, ng kung anong uri. At ako ay tumingin, at may isang munting kahon, tulad ng, munting dako sa may tigiliran. At nakita ko ang Liwanag na iyon ay nakikipag-usap sa isang tao, sa itaas ko, ang Liwanag na iyan na nakita n'yo roon sa larawan. Iyon ay umikot palayo sa akin, tulad *niyan*, at nagtungo sa ibabaw ng tolda. At sabi, "Sasalubungin kita roon." At sabi, "Ito ay magiging ang Ikatlong Hatak, at hindi mo sasabihin Iyan sa kanino man."

At sa Sabino Canyon, ang sabi Niya, "Ito ang Ikatlong Hatak."

300 At may tatlong dakilang mga bagay na kasama Niyon. At ang isa ay nahayag sa araw na ito. . .o kahapon; ang isa pa ay nahayag sa araw na ito; at may isang bagay na hindi ko

maipaliwanag, sapagkat iyan ay nasa isang di-malamang wika. Ngunit ako ay tumayo mismo roon at tumingin mismo ng deretso Roon. At ito ang Ikatlong Hatak na padating. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng tatlong beses—Pat.] At ang Banal na Espiritu ng Diyos . . . Oh, naku!

Iyan ang dahilan na ang buong Langit ay tahimik.

301 Ngayon, mas makabubuting ako—ako ay tumigil na rito, kita n'yo. Ako lamang—ako lamang ay nakaramdam na tumigil na, huwag nang magsabi ng anupaman tungkol Dito. Kita n'yo?

302 Kaya, tandaan lamang, ang Ikapitong Tatak, ang dahilan na Iyan ay hindi nabuksan. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng anim na beses—Pat.] Kita n'yo, ang dahilan kung bakit hindi Niyan inihayag Ito, walang dapat maka-alam tungkol Dito.

303 At nais kong malaman n'yo, bago ko pa nalaman ang anumang Salita tungkol Dito, ang pangitain na iyan ay dumating mga taon na ang nakalilipas. Natatandaan n'yo iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] At heto Iyan, tulad na lamang ng isa pang ito, lumakip mismo deretso patungo sa Salita ng eksakto kung saan Iyan naroroon. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng dalawang beses.] At alam ng Diyos ang puso ko, hindi ko naisip ni minsan ang gayong bagay tulad Niyon, at heto nga Iyon. Ito'y mas huli na kaysa ating iniisip. Uh-huh. Oh, naku!

304 Iyan ay nagpapakita na Ito'y mula sa Diyos, sapagka't, tingnan n'yo, Ito ay tumugmang tamang-tama sa mga pangako ng Diyos, mula sa katapusan ng—ng Mensahe. Napansin n'yo. Pansinin ngayon, para sa Mensahe sa huling-kapanahunan, ang Tatak na ito. Makaraan ang lahat, Kaniyang—Kaniyang inihayag ang lahat ng anim na Tatak, ngunit hindi Siya nagsabi ng anuman tungkol sa Ikapito. At ang panghuling-kapanahunang Tatak, kapag Ito ay nagsimula, ay magiging lubusang isang ganap na lihim, sang-ayon sa Biblia, bago malaman Iyan. At tandaan, Apocalipsis 10:1-7. 1 hanggang 7, kabanata 10:1 hanggang 7, "Sa katapusan ng Mensahe ng ikapitong anghel, lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag." Tayo'y nasa huling kapanahunan, ang pagbubukas ng Ikapitong Tatak.

305 Ngayon, paano ko nalaman? Noong isang araw, nakaraang Linggo, isang linggo ang nakakalipas sa araw na ito, nang ako ay nangangaral sa "Maging mapag-pakumbaba! Maging mapagpakumbaba! Tandaan, ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa mga mumunting bagay." Hindi ko napagtanto kung tungkol sa ano talaga ang ipinapangusap niyon. At ngayon ay nakita ko iyan. Iyan ay isang napaka simpleng paraan! Iisipin ninyo na isang bagay na tulad niyon ay mahahayag sa Vatican o . . . Ngunit Iyon ay dumating tulad na lamang ni Juan Bautista. Iyon ay dumating na tulad ng kapanganakan ng Panginoon natin, sa

isang kuwadra. Luwalhati sa Diyos! Kaya tulungan ako, ang oras ay malapit na! Amen! Tayo'y narito. Oh, naku!

306 Ngayon nakita n'yo ba iyan, ang Katotohanan ng pangitain ng Diyos, dinadala ako ng pitong mga Anghel mula sa kanluran? Sila ay nanggagaling mula sa kanluran, bumabalik sa silangan, dinadala rito para sa Mensaheng ito sa gabing ito. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng dalawang beses—Pat.] Oh, naku!

307 Ngayon, ang Tinig ng napakalakas na kulog na iyon, at ang misyon na dinala rito, ay nahayag na, na Iyan . . . at pinatunayan na Iyan ay sa Diyos. Isipin lamang ngayon. Hindi ko alam ang mga Tatak na ito, at sila ay nahayag sa sanlinggong ito. Naisip ba ng sinuman ng tungkol diyan, sa mga pitong Anghel na iyon bilang Ito, bilang ang Mensahe na darating, silang mga Anghel na dadalhin akong pabalik dito para Riyan? Kita n'yo?

308 Tandaan, ang ikapitong Mensahero ay . . . Ang pitong mga Mensahero ay . . . Ang kapansin-pansing Isa sa akin, ang ikapitong Anghel, Iyon ay wari higit sa akin kaysa iba. Ngayon, kita n'yo, sila ay nangakatayo tulad *nito*. Ngayon, nais lamang natin na mapansin ninyo. At ako ay nakatayo *rito*, at pinagmamasdan ko yaong ibang . . .

309 Kita n'yo, isa, unang pangkat, ng maliliit na mga ibon, lagas ang mga balahibo. Natatandaan n'yo ba sila? At silang lahat ay lumipad patungong silanganan. At ang ikalawang pangkat, ay mas maliliwanag, mas malalaking mga ibon, mukhang mga kalapati, patulis ang mga pakpak. Lumipad sila patungong silangan. Unang Hatak, Ikalawang Hatak, pagkatapos ang sumunod ay mga Anghel. At habang . . .

310 Nakatayo ako mismo roon, at natapos ang pagsabog na ito. At tumitingin ako sa direksiyong *ito*, patungo sa kanluran, at Sila ay dumating at sadyang iniangat ako paitaas, Doon. Ako ay deretsong nawala sa aking kamalayan. At ang isa sa Kanila, dumarating, ang Isa na mukhang napaka di-pangkaraniwan sa akin, ay ang Isa sa aking . . . Nasa kaliwa ko, kung saan ako ay pumasok sa pagkakahanay. Ngunit sa pagbibilang mula sa kaliwa patungo sa kanan, iyan ay magiging ang ikapitong Anghel, kita n'yo, dumarating pakabila. Ngayon, tandaan, ang pitong mga Mensahero.

311 Natatandaan n'yo ba ang piramide ng maputing Bato, ng panaginip ni Junior Jackson na ipinaliwanag ko sa inyo? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Pansinin, nang gabi na ako ay umalis, at ako . . . May anim na panaginip na dumating, at bawat isa sa kanila ay direktang sa gayun ding bagay. Pagkatapos ang pangitain ay nagsimula, at ipinadala ako sa kanluran. At, si Junior, siya ay nagmamasid habang . . . Pansinin. Tingnan kung gaano kaperpekto!

312 Ngayon, ako'y—ako'y umaasa at nagtitiwala na kayong mga tao ay napapagtanto na sinisikap ko na ilagay ang biyayang ito kay Jesus Cristo, na Siyang May Akda ng lahat Nito. At ang tanging dahilan na ni hindi ninyo ako narinig na nangusap tulad nito noong una, sa buhay n'yo, ngunit ang oras na ito ay papalapit. Kita n'yo? Kita n'yo? Pansinin.

313 Ngayon upang gawin itong tiyak, sa inyo, upang ito'y maipauna. Naghahanda ako para iwan kayo muli. Hindi ko alam kung saan ako tutungo. Kailangan kong ipangaral ang Ebanghelyo sa iba pang mga dako. Ngunit ngayon, iyan . . .

314 Maaari ninyong sabihing, "Narinig ko na ang lahat ng uring iyan ng panatismo." Hindi ko alam kung ano; hindi ko mahahatulan ang sinumang iba pang tao.

315 Mananagot lamang ako sa Diyos para sa kung anong aking . . . para—para sa sarili ko. Ngunit nagkaroon ba ng ni isang pagkakataon na sinabi ko sa inyo ang anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon, na hindi tama, sa lahat ng mga taon na ito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Wala."—Pat.] Walang sino pa mang iba ang makapagsasabi, sapagkat palagi kong sinasabi iyan sa paraan lamang na Kaniyang sinabi ito.

316 Ngayon hayaan n'yo lamang akong ipakita sa inyo na ito ay eksaktong totoo, at patunayan ito.

317 Ngayon tandaan, "Kung may isang espiritual o isang propeta, Ako ang Panginoon ay mangungusap sa kaniya sa mga pangitain, at mahahayag sa kaniya sa pamamagitan ng mga panaginip." Pagpapaliwanag ng mga panaginip, iyan nga. Si Jose, siya ay nakakapag-paliwanag ng mga panaginip, at nakakapangusap at—at nakakakita ng mga pangitain. Totoo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

318 Ngayon pansinin ito. Na, ngayon, nang naganap ito, si Junior ay nakatayo sa isang kaparangan na may isang—may isang malaking piramide dito, tulad niyan. At may anong bagay na nakasulat sa mga bato, at inihahayag ko Iyon sa mga tao. Tama ba iyan, Junior? [Si Kapatid na Junior Jackson nagsabi ng, "Iya'y tama."—Pat.] Mga isang taon bago iyan maganap.

319 At pansinin ang sumunod na bagay ngayon. Ako ay kumuha ng ilang uri ng bareta at pinutol Iyon, at sa loob ay maputing Bato na walang nakasulat Doon. At, sa panahong iyan, ako ay nagpasimula patungong kanluran. At sinabi ko sa kanilang lahat, sabi ko, "Huwag tutungo sa kanluran. Manatili rito at tumingin Dito hanggang sa ako ay magbalik." Nagtungo sa kanluran, para sa pagsabog; nagbalik sa silangan, kasama ang Banal na Espiritu na nagpapaliwanag sa di-naisulat na Salitang ito. Ngayon, kung iyan ay hindi ganap na ganap na ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, gusto kong malaman n'yo kung ano nga.

320 Para sa ano ba ang pagsisikap ko na sabihin ito, mga kaibigan? Ay upang ipakita sa inyo na tayo'y nasa huling panahon na. Ngayon, kung yaong mga iba pa ay talagang talagang eksakto sa tuldok ng Salita, Ito rin naman ay talagang talagang eksakto sa tuldok ng Salita! Tayo ay narito. Nasa katapusan tayo, mga kaibigan.

321 Di magtatagal ito ay magiging "ang panahon ay wala na." Milyun-milyon ang mawawalan ng kanilang buhay. Milyun-milyon ang mga, ngayon ay naniniwalang sila ay ligtas, na mabibilang na kumpay para sa kapanahunan ng atomika. Tayo ay nabubuhay sa huling oras. Sa biyaya ng Makapangyarihang Diyos, sa pamamagitan ng tulong Niya sa Kaniyang mga tao, na sila ay tumingin pasulong sa nalalapit na pagpapakita ni Cristo! "Gaano katagal, Kapatid na Branham?" Marahil ay dalawampung taon; marahil ay sa limampung taon; marahil ay sa sandaang taon. Hindi ko alam. At marahil ay sa umaga; marahil pa man ay ngayong gabi. Hindi ko alam. At sinumang magsasabi na alam nila, sila'y mali. Kita n'yo? Hindi nila alam. Diyos, lamang, ang nakababatid.

322 Ngayon pansinin. Kaya tulungan ako, sa pamamagitan ng Diyos, sinabi ko sa inyo ang Katotohanan, na ang mga Ito ay sa espirituwal na pagpapakilala sa akin, ipinakilala sa akin ng Banal na Espiritu. At, sa bawat isa sa Kanila, ay ipinakilala ang dako Nito sa Biblia.

323 Ngayon, kung ano ang dakilang lihim na ito na nakasalalay sa ilalim na Tatak na ito, hindi ko alam. Hindi ko alam ito. Hindi ko ito maunawaan. Hindi ko Iyan masasabi, kung ano lamang Ito—kung sadyang ano ang nasabi Nito, ngunit alam ko na Iyon ay yaong Pitong Kulog na binibigkas ang kanilang mga sarili ng napakalapit sa isa't isa, dumagundong lamang ng pitong iba't ibang ulit. At Iyan ay nahayag patungo sa iba pang bagay na nakita ko. Pagkatapos, nang makita ko Iyan, hinanap ko ang kapaliwanagan. Iyon ay lumipad patawid doon, at hindi ko Ito maunawaan. Iya'y eksaktong tama. Kita n'yo? Hindi pa lubos na ganap ang oras para Rito.

324 Ngunit, Iya'y kumikilos patungo sa gayong pag-inog, kita n'yo. Palapit na iyan ng palapit. Kaya, ang bagay para sa inyo na dapat gawin ay tandaan na nangusap ako sa inyo sa Pangalan ng Panginoon. Maging handa, sapagkat hindi ninyo alam kung anong oras na ang isang bagay ay magaganap.

325 Ngayon, kapag iyan ay nalagay sa teyp, na Ito nga, malamang na iya'y magdadala ng sampung libo sa mga kaibigan ko palayo sa akin. Dahil, sasabihin nila, na, "Pinipilit ni Kapatid na Branham na ilagay ang sarili niya, at gawin ang sarili niya, na isang—isang lingkod o isang propeta, o isang bagay, sa harapan ng Diyos." Hayaang sabihin ko sa inyo, mga kapatid ko, iyan ay isang pagkakamali.

326 Sinasabi ko lamang sa inyo kung ano ang nakita ko at kung anong nasabi sa akin. At ngayon inyong—gawin ninyo ang anumang naisin n'yo. Hindi ko alam kung sino ang magiging. . . kung anong magaganap. Hindi ko alam. Alam ko lang na ang Pitong Kulog na iyon ang may hawak ng hiwagang iyan. Ang Kalangitan ay tahimik. Nauunawaan ba ng lahat? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Maaring panahon na, maaring ito na ang panahon, na ang dakilang taong ito na inaasahan nating lilitaw sa kaganapan ay maaring lumitaw sa kaganapan.

327 Marahil ang ministeryong ito, na sinikap ko na dalhin ang mga tao pabalik sa Salita, ay naglagay ng isang patibayan; kung iyan ay naglagay, iiwan ko kayo, para sa ikabubuti. Hindi maaring magkaroon ng dalawa sa amin dito sa parehong panahon. Kita n'yo? Kung ito nga, kinakailangang dumakila siya; ako'y bababa. Hindi ko alam.

328 Ngunit binigyan ako ng prebilehiyo, ng Diyos, upang tumingin at makita kung ano Iyon, kita ninyo, makitang bukas sa gayong laki. Ngayon, iyan ang Katotohanan.

329 At tiyak ako na napansin n'yo ang mga bagay na nagaganap sa sanlinggong ito. Tiyak ako na napansin ninyo na ang munting batang lalaking Collins na nakahiga roon, agaw-buhay, noong isang gabi; iyung munting, batang babaeng may luekemia.

330 Ang Kaharian ng Diyos ay paparating. At Iya'y nagiging higit mula sa negatibo patungong positibo, na gaya ng dati. Ngayon, hindi iyan dapat magpabigla sa mga tao. Mula sa pag-aaring ganap, hanggang sa pagpapagiging-banal, patungo sa bautismo ng Espiritu Santo, at pagkatapos *dito, dito*. Kita n'yo? Higit lang tayong lumalapit sa Diyos, sa lahat ng panahon.

331 Hindi n'yo ba nakikita, mga ministrong Metodista, kung paanong ang mensahe n'yo ng pagpapagiging-banal ay mas mataas kaysa sa ipinangaral ni Luther?

332 Kayong mga Pentekostal, hindi n'yo ba nakikita na ang mensahe n'yo ng bautismo ay higit kaysa ipinangaral ng mga Metodista? Alam n'yo kung anong ibig kong sabihin?

333 Oh, mayroon tayong napakaraming mga bagay na lumabas! At iya'y tama. At kung mayroong sino man na nagtatakwil sa mali, at mga tao na nagsasabi ng isang bagay na sa katunayan ay nagsisinungaling at hindi ang Katotohanan, kinamumuhian ko iyan.

334 Ngunit ako—mahal ko ang solidong Katotohanan, hindi mahalaga kahit gaano Niyan ginagambala ang paraang *ito* o ang paraang *iyan*. Kung Katotohanan Ito, ipapakita Ito ng Diyos sa wakas bilang Katotohanan. Kung hindi Niya gagawin iyan, isa sa mga araw na ito di-magtatagal, kung gayon ang pangitain ko ay hindi tama. Ngayon ay nakita n'yo kung saan ko lamang inilatag ang sarili ko.

335 "Kailan ito magaganap, Kapatid na Branham?" Hindi ko masasabi sa inyo. Hindi ko alam.

336 Ngunit, isa sa mga araw na ito, kung hindi na tayo muling magkikita pa sa daigdig na ito, magkikita tayo sa kabila roon sa—sa luklukan ng paghatol ni Cristo. At matutuklasan ninyo, na, sa silid na iyon, ang kapahayagan na dumating mula sa Diyos, tulad na lamang ng lahat sa kanila na dumating, na Sila . . . Isa sa hiwaga ng Tatak na iyon, ang dahilan na Iyon ay hindi nahayag, Iyon ay ang Pitong Kulog na binigkas ng Kanilang mga tinig. At hayan nga Ito, walang kamali-mali. Sapagkat, walang nakakaalam ng anoman tungkol Dito. Ni hindi man lamang Iyon naisulat. Kaya, nasa huling kapanahunan tayo. Tayo ay narito. Pinasasalamatan ko ang Diyos para sa Kaniyang Salita.

337 Pinasasalamatan ko Siya dahil kay Jesus Cristo. Sapagkat, kung hindi Siya isinugo para sa—sa pagtatakip-sala ng mga kasalanan natin, tayong lahat ay sasa-isang malaking karumihan ng kasalanan, na walang pag-asa. Ngunit, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, nilinis ng Kaniyang—Kaniyang Dugo ang lahat ng kasalanan. Tulad na lamang ng patak ng tinta sa isang timba ng Clorox, hindi n'yo na matatagpuan pang muli ang tinta. Kapag ang mga kasalanan natin ay naipagtapat, ito'y nailalagay sa Dugo ni Jesus Cristo; hindi na malalaman pang muli ang mga ito. Kinakalimutan na iyon ng Diyos; ni hindi man lamang yaon nagawa. At hangga't ang Handog na iyan ay nakalapag doon na isang kabayaran sa kasalanan para sa atin, kung gayo'y iyan lang lahat. Iyan 'yon, kita n'yo. Tayo—tayo'y hindi na mga makasalanan pa. Tayo'y mga Cristiano, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Tandaan, sa ating mga sarili tayo marahil ay magiging sadyang kasing sama tulad ng dati. Ngunit, kita n'yo, nagpakita sa atin ang biyaya ng Diyos, at iyan ang gumawa sa kung ano tayo sa araw na ito, Cristianong mga magkakapatid na lalaki at babae.

338 Ito ay naging isang kamangha-manghang linggo para sa akin. Ako'y pagod. Ang isipan ko ay pagod. Sapagka't ako—ako ay . . . sa lahat ng makakaya ko. At isang bagay na di pangkaraniwan ang nagaganap, sa bawat araw. Ako ay mamamangha; na lumakad papasok sa silid, at manatili roon sa loob ng ilang minuto, at makita ang Isang Bagay na sadyang ibinaling ako ng ganap paikot.

339 At, dito, tutungo ako roon at kukunin ang mga naitala. Dinampot ko ang mga aklat ni Dr. Smith, Uriah Smith, at, oh, lahat ng—ng mga manunulat at lahat ng bagay, at binasa, bumasa sa mga aklat nila. Ang sabi ko, "Ngayon *heto* ang Ikaanim na Tatak. *Heto* ang Ikaapat na Tatak. Ngayon ano ang sinabi ng taong ito?" Sasabihin niyang, 'Buweno, Iyon ay *ito*, *iyan*, o ang *iba pa*.'" Titingin ako banda rito at kukuha ng panibagong tao. Ang sabi Niya Iyon ay *ganito-at-ganoon.* At ito

tila ako ay sadyang . . . Ito ay sadyang hindi gumana ng tama. Kita n'yo?

340 Pagkatapos naisip ko, "Buweno, ano Ito, Panginoon?" At lalakad ako pataas-at-pababa sa sahig sandali. Luluhod ako at mananalangin. Pupunta pabalik at kukunin ang Biblia; uupo, babasa. Lalakad pabalik at pasulong.

341 Pagkatapos, bigla na lang, nang ako ay tumahimik, heto Itong nabuksan na lamang tulad niyan. Pagkatapos kukuha ako kaagad-agad ng isang panulat, at tutungo sa pagsusulat Niyan tulad niyan,' anuman ang nakikita ko at ginagawa. Pinagmamasdan ko Ito, tulad niyan, hanggang sa maisulat ko Ito.

342 Pagkatapos kukunin ko, ang nalalabi pang araw, at bababa at tutuntunin Ito, at tingnan kung Ito ay umaayon sa lahat-lahat sa kabuuan ng mga Kasulatan. Pagkatapos, "Patutunayan ang lahat ng mga bagay." Kita n'yo? Nakuha ko Ito rito.

343 At inisip ko, "Ngayon, maraming mga tao ang may mga pangitain. Marami ang nanggaling na sa mga kapahayagan." Kung salungat ito sa Salita, iwan itong mag-isa; iya'y tama, pabayaan lamang iyon.

344 Ngayon, ngayon, pagkatapos ay idaraan ko Ito maging dito tulad *nito*, idaraan ko ito pababa tulad *nito*. Susulat ako ng mga munting bagay rito. Naisip ko, "Buweno, ngayon, masisiyahan ang klase na marinig ito, pagka't ito ay tumutugma *rito* at tumutugma *rito*. Ngayon, tingnan natin, ano ang sinasabi nito *rito*? Oo. At, Oo, heto iyan, mismo *rito*." Kita n'yo?

345 At ibabalik Iyan sa Biblia, at iuugma ang bagay, sa buong sanlinggo. Hayan Ito, sa mga teyp. Kayo'y malugod na inaanyayahan sa kanila. At ginawa ko ito sa abot ng aking nalalaman, sa ilalim ng Cristianong pagtitipon, biyaya ng Diyos, sa lahat ng mga tao, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Nagawa ko na ang talagang pinaka mainam na alam ko kung paano.

346 Kayo'y naging isa sa mga pinaka mainam na mga klase. Wala nang iba pang makauupo ng mas mainam. Kayong lahat ay pumarito sa ganap na ika-isa sa araw, hanggang sa oras na ika-lima, sa tuwing kailan nila bubuksan ang simbahan at dadalhin ang . . . hahayaang pumasok ang mga tao. Nagsitayo kayo sa lamig; nagsiupo kayo sa niyebe; nagawa ninyo ang lahat ng bagay; tumayo sa paligid ng mga pader, hanggang sa ang mga binti n'yo ay manakit. Nakita ko ang mga kalalakihan, na pumirmi; pinabayaang umupo ang mga kababaihan. At iba't iba ang tatayo tulad niyan, uupo sa paligid. Naisip ko, "Panginoon, ang buong . . . "

347 Ito ay naging isang mahiwagang linggo. Ang buong bagay ay parang naging tila di-pangkaraniwan, paanong, pag dumarating ang mga tao, nakikita silang nakatayo sa paligid sa labas, sa mga bintana, sa mga pinto, sa paligid sa likod, lahat ng

dako, nakikinig. At sa pagiging isang tagapagsalita, ako'y malayo mula sa isang tagapagsalita. Ako—ako ay may sapat na karunungan, upang malaman na hindi ako, na hindi ako isang tagapagsalita. Ngunit bakit uupo ang mga tao at makikinig tulad niyan? Bakit nila gagawin iyan? Hindi sila naparito upang marinig ang isang taong tulad ko. Ngunit nagsiparito sila sapagkat may Isang Bagay rito, na humihila sa mga tao patungo Rito? Kita n'yo? May Isang Bagay rito, na inilalapit sila.

348 Nang ang kabiyak ko ay tumayo rito sa entablado at umawit, nang ako ay magsimula:

Sila'y nagmula sa Silangan at Kanluran,
Sila'y nagmula sa mga malayong dako,
Upang makipagsaya sa Hari, upang umupo bilang Kaniyang panauhin;
Gaanong pinagpala ang mga manlalakbay na ito!
Nakikita ang Kaniyang banal na mukha
Nagniningning sa Banal na Liwanag;
Mga pinagpalang kabahagi ng Kaniyang biyaya,
Tulad ng mga hiyas sa Kaniyang korona upang magningning.

349 Nawa palagi ninyong ikintal iyan sa isipan n'yo, "Bilang maging isang hiyas sa Korona ni Jesus Cristo." Sabi ni Pablo sa Iglesya, "Kayo ay—kayo ay mga mahahalagang bato, mga hiyas ng Kaniyang Korona." Nais nating maging mga hiyas ng Korona ni Jesus Cristo.

350 Hindi natin nais, huwag kailan man maglagay ng isang tao roon. Kalimutan n'yo ang anumang bagay tungkol sa akin. Ako ay kapatid n'yong lalaki, isang makasalanang naligtas sa pamamagitan ng biyaya, hindi karapat-dapat na mabuhay. Iya'y eksaktong katotohanan. Hindi ko sinasabi iyan upang magpakababa; iya'y mga katotohanan. Walang anumang bagay sa akin, wala ni isang mainam na bagay, wala nga.

351 Ngunit ang biyaya ng Diyos ay hinayaan ang kaawa-awa kong, nanlalabong mga matang tumingin sa kabila ng tabing ng panahon at makita ang mga bagay na iyon doon, at ako ay bumalik.

352 Nang ako ay isang munting batang lalaki, mahal ko ang mga tao. Ninanais ko palagi na mahalain ako ng sinuman at makipag-usap sa akin. Walang sino mang may nais na gawin iyon, dahil sa pangalan ng pamilya. Walang nakikipag-usap sa akin.

353 Ngunit nang gawin ko ang pagsuko ko sa Diyos, pagkatapos . . . Ang aming lahi, kinalakihan, bilang Irlandes, naisip ko, "Marahil . . . Silang lahat ay Katoliko, at marahil ay iyan nga Ito." Ako ay nagtungo *roon*, at Siya ay nasa ibang

daan. At nagtungo ako sa First Baptist church, at Siya ay nasa ibang daan.

Sabi ko, "Panginoon, maaring may ibang daan na totoo."

At May Bagay na nagsabing, "Ito'y ang Salita."

Hinawakan ko ang Salitang iyan. Tumingin sa bawat pangitain, sa lahat ng dako.

354 Nang araw na ilagay ko ang panulok na batong iyan doon, at inilagay iyan doon, isinulat ko roon kung anong ipinakita Niya sa akin nang umagang iyon sa isang pangitain. "Magsikap sa kapanahunan, at sa di kapanahunan; sumawata ka ng may buong pagpapahinuhod at Pagtuturo. Sapagka't ang panahon ay darating kung kailan hindi nila titiisin ang magaling na Aral; ngunit batay sa kanilang sariling mga pagnanasa sila'y magsisipagbunton sa kani-kanilang mga sarili ng sama-sama, bilang mga tagapagturo, na may makakating mga tainga; at malalayo mula sa Katotohanan, patungo sa mga katha." At nakita ko ang dalawang punong kahoy na iyon, na nakatayong magkatabi, na gumagawa ang mismong parehong bagay na iyon. Iya'y tama. At naroon nga tayo. At iyan ay totoo. At, ngayon, kayo ay hindi . . .

355 Tandaan. Hayaan n'yong pagtagubilinan ko kayong muli. Huwag sabihing, "Salamat sa iyo," sa kaninuman, kailan man. Huwag sabihin, isipin na, ilang mga ministro o isang bagay, ilang mortal na tao; na may anumang mabuti tungkol sa kaniya. Sapagkat, wala. Walang anuman sa akin kung sino siya. Walang anumang mabuti sa kanino mang tao. Iya'y tama.

356 Kung may isang buong bungkos ng mga trumpeta na nakalapag dito, at isa sa kanila ay kailangang tumugtog ng isang musika, iya'y ang tao . . . Silang mga trumpeta ay ganap na ganap na tahimik. Iya'y ang tao na makakapagtugtog ng trumpeta, na nalalaman kung anong kaniyang gagawin, na pumulot ng trumpeta. Ang trumpeta ay walang kinalaman doon. Ang tunog ay nanggaling mula sa karunungan sa likod nito. Iya'y tama. Kaya, lahat ng trumpeta ay pare-pareho.

357 Lahat ng tao ay pare-pareho. Lahat ng mga Cristiano ay pare-pareho. Walang mga dakilang tao sa kalagitnaan natin. Hindi tayo dakilang mga tao, hindi dakilang mga kababaihan. Tayong lahat ay mga magkakapatid na lalaki at babae, lahat ay pare-pareho, nasa parehong panaklong. Hindi tayo "dakila." Ginagawang mas dakila ng isa ang isa kaysa sa isa pa, wala ni isang bagay nga, na gagawa. Wala, ginoo. Ngunit tayong lahat ay mga taong nilalang lamang.

358 Huwag sikaping ipaliwanag ang mga bagay. Huwag sikaping gumawa ng anumang bagay pa kundi ang mamuhay lamang ng malapit na pamumuhay, nagbibigay ng papuri at karangalan kay Jesus Cristo. Nauunawaan ba ng lahat iyan ngayon?

[Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Amen. Mahalin Siya nang buong puso n'yo. Ginagawa n'yo ba iyan? ["Amen."]

Mahal ko Siya, (At gagawin ko!), Mahal ko Siya
Pagka't una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

359 Purihin ang Diyos! Naunawaan bang mabuti ng lahat? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Naniniwala ba ang lahat? ["Amen."] Natatandaan n'yo ba noong una akong nagsimula, "Sino ang naniwala sa aming patotoo? Kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" Inihayag ba Niya sa inyo, ang Kaniyang habag, ang Kaniyang kabutihan? ["Amen."] Amen. Tandaan lamang, mahalin Siya ng buong puso n'yo.

360 Uuwi na ako ngayon. Babalik ako rito muli, sa kalooban ng Panginoon, mga a-uno ng Hunyo.

361 Marahil, kung ilalagay iyan ng Panginoon sa puso ko, marahil ay ibang araw sa maagang tag-araw na ito, tulad ng Hunyo o saanman, marahil ay maagang taglagas, kung magtatagal pa ang Panginoon, gusto kong bumalik at maglaan ng panibago muli na pitong gabi, para sa Pitong huling Trumpeta. Nais n'yo ba iyan? Nais n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Mananalangin ba kayo para sa akin, na tulungan ako ng Diyos? ["Amen."] Mabuti.

362 Hanggang sa makita ko kayong muli, tandaan ang mabuting lumang awiting ito:

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Pagka't una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

363 Ngayon gusto kong iyukod ninyo ang inyong ulo. Nais kong manalangin para sa inyo. Bago tapusin ng pastor, nais kong manalangin para sa inyo.

364 Ama naming Makalangit, nawa'y ang mga tao, Panginoon, ay makaunawa. Na, ako ay nakatitiyak na may mga ilan na hindi. Ngunit, Ama, nawa'y kanilang—nawa'y kanilang malaman ang layunin. At nawa'y maunawaan nila, Ama, na—na Iya'y ang biyaya sa kanila na ang mga bagay na ito ay nahayag. At gusto kong pasalamatan Ka, Panginoon, para sa karunungan ng pagkakaalam sa mga bagay na ito na inihayag Mo sa amin.

365 At dumadalangin ako para sa bawat isa na narito, bawat isa na dumalo sa mga pagtitipon. Kung may ilan na hindi naniniwala, nawa, Panginoon, sila'y maging mga mananampalataya.

366 Dumadalangin ako para sa lahat ng makaririnig ng mga Mensahe sa pamamagitan ng teyp. At kung Iyan ay mahulog,

na Ganon nga, walang pag-aalinlangan, sa mga tahanan at mga dako ng maraming mga di-mananananampalataya na di sang-ayon; ngunit, Ama, ako ay dumadalangin para sa bawat isa, na bago sila magsalita ng anumang mapamusong na salita, na sila muna ay umupo at saliksikin ang mga Kasulatan sa kung ano nga ang nasabi, at pagkatapos ay sabihin sa Iyo na sila ay talagang sinsero at nais na malaman kung iyan ay Katotohanan, o hindi. At dumadalangin ako para sa kanila, Ama.

367 At dumadalangin ako para sa mga ito na nakatayo sa tabi ng mga pader na ito, na nagsitayo sa labas, na umupo sa kanilang mga sasakyan, para sa mga munting bata, at para sa lahat na nasa loob. At sadyang lahat sa kanila, Panginoon, dumadalangin ako para sa kanila.

368 At idinadalangin ko na ang aking mga dalangin ay masagot, na pagpapalain Mo sila. Una, Panginoon, bigyan ang bawat isa ng Walang Hanggang Buhay. Idinadalangin ko na walang ni isa sa kanila na mapahamak, ni isa.

369 At ngayon, Ama, hindi namin batid kung kailan mangyayari ang dakilang kaganapang ito. Ngunit kapag nakita namin ang mga tandang ito na lumilitaw, at mga pangyayaring ayon sa Kasulatan, pinag-iinit niyan ang aming mga puso ng higit sa masusukat. At idinadalangin ko, Amang Diyos, na tulungan Mo kami.

370 Idinadalangin ko na tulungan Mo ang aming mahal na pastor, Kapatid na Neville. Gawin siya, Panginoon, na puspos ng biyaya at puspos ng kapangyarihan, at may kaunawaan, na kunin nawa niya ang naimbak na Pagkaing ito at pakainin ang mga cordero ng Diyos.

371 Panginoon, idinadalangin ko na panatilihin Mong malayo ang karamdaman mula sa amin. Mangyari nawa, na kapag ang mga tao ay nagkasakit, na maalala nila ang nananatili at sapat-sa-lahat na Dugo ng Panginoong Jesus na nakalapag sa dambana, upang gumawa ng pagtutubos. At idinadalangin ko na gumaling sila kaagad.

372 At idinadalangin ko na panatilihin Mo ang kapangyarihan ni Satanas na malayo mula sa kanila, upang papanghinain sila, o upang sikapin na itulak silang gumawa ng mga kulto. O, sadyang ilayo ang mga kapangyarihan ng kaaway, Panginoon. Pakabanalin kami sa Salita Mo. Ipagkaloob iyan, Panginoon.

373 Pagkatapos, Panginoon, idinadalangin ko na tulungan Mo ako. Ako—ako—nagsisimula na akong tumanda, Panginoon. Alam kong ang mga araw ko ay hindi na maaring dumami pa. At idinadalangin ko na tulungan Mo ako, upang hayaan akong maging totoo, Panginoon, at tapat at sinsero, na akin nawang magawang dalhin ang Mensahe hangga't ito'y itinalaga para sa akin na dalhin. At kapag dumating na sa oras na ako ay kailangan nang magpahinga, at ako ay bumaba sa

Ilog, at ang mga alon ay nagsimulang dumating, O Diyos, magawa ko nawang ipasa ang lumang Tabak na ito sa ibang tao na magiging tapat Dito, Panginoon, at pananatilihin ang Katotohanan. Ipagkaloob ito, Panginoon. At, hanggang doon, tulungan akong maging malakas at malusog, at matapang.

374 Tulungan ang aking iglesya. Pagpalain kaming sama-sama, Panginoon. Kami ay sa Iyo. Nadarama namin ngayon na ang Iyong Espiritu ay kumikilos sa amin. Kami ay nananampalataya na tutugunin Mo ang aming mga panalangin. Sapagkat, ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo, kasama ang Iyong Salita, para sa gawain para sa nalalabi pa sa aming mga araw sa ibabaw ng mundong ito, sa Pangalan ng Anak ng Diyos, si Jesus Cristo, ang aming pinaka mamahal na Tagapagligtas, para sa Kaniyang kaluwalhatian. Amen.

Ako . . . (Pagpalain kayo ng Diyos!) . . . Mahal ko Siya, (nang buo kong puso),

Pagka't una Niya akong minahal.

Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville.

375 [Kongregasyon ay nagpatuloy sa pag-awit ng *Mahal ko Siya*. Si Kapatid na Orman Neville ay nagtapos sa panalangin—Pat.]

ANG IKAPITONG TATAK AY NAGPATULOY

376 [Sa talagang orihinal na ibinigay ni Kapatid na Branham ang sumusunod na nilalaman ng mga parapo 261-374 ay hindi naibigay, kundi, sa halip, nagpatuloy ng Lunes, Marso 25, 1963, mga parapo 377-414, bilang ang awtorisadong pagtatapos ng *Ang Ikapitong Tatak* na teyp na ipapamahagi sa panahong iyon.—Pat.]

377 Magiging isang mabuting bagay na wala siyang nalalamang anumang bagay tungkol Dito. Sapagkat, kung may alam siya, kung gayo'y gagayahin Iyan. Iyan ang kaniyang mga panlinlang sa paggawa ng mga bagay.

378 Kaya, samakatuwid, ginawa Iyan ng Diyos na tagong-tago sa buong mundo, maging sa Langit, na walang paraan na maunawaan Ito, tanging kung ihahayag lamang Ito ng Diyos, Siya mismo.

379 Ngayon nais kong pansinin n'yo, ngayong gabi, na sa Ikaanim na Tatak, may isang—isang tatlong luping layunin sa Ikaanim na Tatak.

May tatlong luping layunin sa mga mangangabayo.

380 Palaging may tatlong luping layunin sa lahat ng mga bagay na ito. Na ibinabalik tayo sa isang tatlo. At isang pito, muli, kita n'yo, Pitong Tatak, Pitong Mangkok, at kung anu- ano pa. Ngayon, sa tatluhan at pituhan, ay numero ng Diyos sa Kaniyang matematika ng paghahayag ng Kaniyang Salita.

381 Ngayon pansinin n'yo, tulad sa—sa—sa mga mangangabayo, ngayon, may tatlong mga kabayo na lumabas. Ang isa sa kanila ay isang maputi, isa ay isang mapula, isa ay isang maitim. At pagkatapos, sa ikaapat na kabayo, aba, lahat sila ay sama-samang pinaghalu-halo. Kita n'yo, isang tatlong luping layunin.

382 Ngayon, ang Diyos ay gumawa ng gayun ding bagay. Ang Diyos ay gumawa ng gayundin nang isinugo Niya palabas ang Kaniyang leon, na siyang Salita Niya, upang labanan ang anti-cristo.

383 Pagkatapos ay natuklasan natin na isinugo Niya palabas ang guya noong panahon ng—ng panahon ng kapighatian, ang pang-handog na hayop. At sa panahon ng kapighatiang ito, na ang tanging magagawa lamang ng mga tao, ay gumawa lamang, alipin, at ialay ang kanilang mga sarili para sa isang handog.

384 Pagkatapos ay natuklasan natin, sa sumunod na kapanahunan, na siyang kapanahunan ng mga repormador, ang Diyos ay nagsugo palabas ng karunungan ng isang tao, isang tulad-ng-tao na ulo ng Hayop, na siyang kapangyarihan na tumungo sa mga repormador.

385 Ngayon napansin n'yo ba? Bawat. . . Hindi nakapagtataka na ang mga tao ng mga araw na ito ay nabubuhay pa rin sa hangover, tulad niyon noon sa kapanahunan ng mga repormador, sapagka't nakita lamang nila iyon sa—sa pansimbahang paraan ng pagtingin doon. Nakita nila iyon sa paraan na iyon ay itunuro ng mga seminaryo. Iyan ay paraan ng Diyos sa isang panahon, ngunit tayo'y lampas na riyan.

386 Ngayon nasa kapanahunan na tayo ng agila, ang kapahayagan na maihahayag, ang buong bagay. Ngayon ihambing ito sa Apocalipsis sa ika-10 kabanata, talata 1 hanggang 7. At makikita natin dito sa Apocalipsis na ito, ang Apocalipsis dito, 10:1 hanggang 7, na, "Sa mga araw ng paghihip ng Mensahe ng ikapitong anghel, ay upang tapusin ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos."

387 Ngayon natuklasan natin, din, na dito, na ang Ikaanim na Tatak, ngayon bilang nabuksan, ito ay para sa isang tatlong luping layunin. Ngayon, heto ang mga layunin.

388 Ang unang bagay, ay, na ang mga nangatutulog na dalaga ay kailangang tumungo sa panahon ng Kapighatian para sa pagdadalisay. Kailangan niyang malinis mula sa kaniyang mga kasalanan ng di-paniniwala at pagtanggi sa Mensahe. Ito, siya ay natapos sa panahon ng Kapighatian. Nakita natin na sila ay nagtuloy banda rito sa Apocalipsis 7, sa pagitan ng ika-6 at ika-7 kabanata rito, na siya ay nalinis, at siya ay nabigyan ng kaniyang mga balabal. Ngayon, hindi siya ang Nobya. Ngunit iyan ay ang iglesya, ang mga dalisay na tao na—na—na hindi nagkaroon ng oportunidad, marahil, na tanggapin ang Mensahe, o sa ibang paraan na sila ay binulag ng mga bulaang propetang ito. At sila—

sila ay hindi nagkaroon ng isang pagkakataon, at gayun pa man sila'y talagang sinsero sa kanilang puso. At alam ng Diyos ang kanilang puso. At dito sila ay nilinis, sa panahong ito.

389 Pansinin n'yo iyan, panibagong panahon ng paglilinis, iyan ay para sa Israel, kapag siya ay natipon. Iyan ang ikalawang lupi. Nilinis ng Diyos ang Israel sa panahon ng Kapighatian. Mula sa mga milyun-milyon na magtitipon-tipon doon, magkakaroon ng isang piniling sangdaan at apatnapu't apat na libo, at sila ay malilinis, din. Nililinis ng Diyos ang Israel.

390 Pansinin, may isang buong mundo na dapat linisin. Magkakaroon ng gayong bagay na ang buwan, mga bituin, at lahat ng kalikasan, ay lilinisin. Nakita n'yo kung ano ito? Binabago ng daigdig ang kaniyang sarili, nililinis, naghahanda para sa Milenyum. Ang Milenyum ay padating na. At, kita n'yo, lahat ng bagay na mayroong karumihan sa kaniya at lilinisin sa panahon ng Ikaanim na Tatak.

391 Ngayon, ngayon, napansin n'yo ba? Sa pagbubukas ng Ikapitong Tatak na ito, ito'y nasa isang tatlong luping hiwaga din. Ang isang ito, na aking . . . ipangungusap, at ipinangusap na, na iyan ang hiwaga ang Pitong Kulog. Ang Pitong Kulog sa Langit ang maghahayag sa hiwagang ito. Iyan ay magiging sa Pagdating mismo ni Cristo, sapagkat sinabi ni Cristo na walang sinumang nakakaalam kung kailan Siya babalik.

392 Napansin n'yo ba, nang itanong iyan ng mga Hudyo sa kaniya? Alam . . . Nang ihambing natin ang Kasulatan dito sa Mateo 24, sa anim na mga Tatak, ang Ikapitong Tatak ay naiwan. Sapagkat, kita n'yo, sabi ni Cristo, "Tanging ang Diyos lamang sa Kaniyang Sarili ang nakaaalam; maging ang mga Anghel ay hindi." Hindi nakapagtatakang, Iyan ay ni hindi naisulat. Kita n'yo, sila ay tumahimik; walang bagay na naganap kung gayon. Hindi Iyon alam ng mga Anghel. Walang sino mang nakaaalam kung kailan Siya darating.

393 Ngunit magkakaroon ng isang—magkakaroon ng isang—isang Pitong mga Tinig, ng mga Kulog na ito, na maghahayag ng dakilang kapahayagan sa panahong iyan. Kaya, ako ay naniniwalang, sa atin na . . . Kung hindi natin alam Iyon, at kung tayo . . . Hindi Ito malalaman hanggang sa panahong iyan. Ngunit ito ay mahahayag sa araw na iyan, sa oras na iyan na ito'y dapat na mahayag na. Kaya, ang bagay na dapat nating gawin ay maging magalang sa harapan ng Diyos, at paglingkuran Siya, at gawin lahat na nalalaman nating gawin, at mamuhay ng mabuti, mga Cristianong pamumuhay. Dito, ngayon, natagpuan natin na ang Ikaanim na Tatak ay nabuksan sa atin; nakita natin Ito. At alam natin na ang Ikapitong Tatak na ito ay hindi mabubuksan sa publiko hanggang ang oras na iyan ay dumating.

394 Ngayon, may ilang mga dahilan na hinayaan ng Diyos ang Pitong Tinig na ito na kumulog. Sapagkat, Ito ay kailangang

dumating, kita n'yo. Sapagkat ang . . . Natuklasan natin na si Cristo, ang Cordero, ay kinuha ang—ang Aklat sa Kaniyang kamay, at binuksan Niya ang Ikapitong Tatak na iyan. Ngunit, kita n'yo, ito'y isang natatagong hiwaga. Walang nakababatid Nito. Ngunit, Ito—Ito, umaakma sa kung anong sinabi Niya, "Walang makaaalam ng Kaniyang Pagdating." Hindi rin nila malalaman ang tungkol sa hiwaga ng Pitong-Kulog na ito. Kaya, kita n'yo, konektado itong magkakasama.

395 Sa gayong laki, mayroon tayong pagkaunawa Nito, sa araw na ito, sapagkat ang iba Nito ay nahayag na; ngunit ito ay hindi nahayag. Ngunit sa pag-upo sa silid ko, at narinig ko ito . . . o, hindi narinig ito, pala, kundi nakita Ito na nabuksan sa Pitong Kulog na ito. Ngayon, hanggang ganoon kalayo lang ang mararating natin, mismo roon.

396 At ngayon ako ay nagtitiwala na bawat isa sa inyo ay paglilingkuran ang Diyos at gagawin yaong alinmang tama. At mamahalin Siya, sa inyong buong buhay, at paglilingkuran Siya. At pangangalagaan ng Diyos ang iba pa.

397 Ngayon, tayo ay mayroong, sa pagkukumpleto rito ngayon, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, lahat ng mga hiwaga ng anim na Tatak na natatakan, at naunawaan natin at nabatid dito na ang Ikapitong Tatak ay hindi maihahayag sa publiko.

398 Ngayon, ang Kaniyang Pagdating, sa oras ng Kaniyang Pagdating, kapag ang pagkawasak ng daigdig, alam n'yo. Ang sabi Niya roon, "Ano ang magiging tanda ng pagdating ng katapusan ng sanlibutan?" Sa Mateo 24, doon ay kung saan nila itinanong sa Kaniya ang katanungang iyan. Siya ay tumungo riyan. Sinabi Niya ang tungkol sa Israel na matitipon bilang isang bansa, sa ika-31 talata, ng Mateo 24:31. Ngunit pagkatapos Siya ay nagpasimula sa mga talinghaga, kita n'yo. Pagkatapos ay nakita n'yo ang . . . "Pag-aralan ang isang talinghaga ng puno ng igos. Kapag nakita n'yo na nananariwa ang kaniyang mga usbong, aba, nalalaman ninyong ang tagsibol ay malapit na. At pagkatapos kapag nakita n'yo ito na nagaganap, kung magkagayo'y talastasin n'yo na ang oras ay malapit na." Kita n'yo, ang Israel ay natitipon sa sarili niyang lupang-tinubuan. Ngunit, pansinin ninyo, nilaktawan Niya ang kapahayagan ng Ikapitong Tatak na ito.

399 At dito, nang ang Ikapitong Tatak, nang buksan Niya Ito, nilaktawan din Niya muli Ito, kita n'yo. Kaya nakita natin na Ito ay isang ganap na hiwaga, samakatuwid hindi pa oras ngayon para sa mga hiwaga na mahayag. Samakatuwid, ganito tayo kalayo, at ang nalalabi pa Niyon ay mahahayag mismo sa panahon na si Cristo ay magpakita sa mundo muli, para sa Kaniyang Nobya, o anuman ang maganap sa panahong iyan. Ngayon, hanggang sa panahong iyan, dumalangin lang tayong

lahat, mamuhay ng mabuti, matuwid, mga pamumuhay na Cristiano, tumitingin pasulong para sa Kaniyang Pagdating.

400 At ngayon kung ang teyp na ito ay magkataong mapunta sa kamay ng ilang mga tao saanman, huwag tangkaing gumawa ng anumang uri ng isang ism mula rito. Ang tanging bagay lang na gawin n'yo, magpatuloy lamang kayo na naglilingkod sa Diyos. Sapagkat, ang dakilang lihim na ito ay napakadakila na ni hindi pinayagan ng Diyos si Juan na isulat Ito. Ito ay kumulog palabas, ngunit Kaniyang . . . sa pagkakaalam niyon, ipinangangako sa atin na Ito ay mabubuksan. Ngunit, sa panahong ito, hindi pa Ito nabuksan.

401 At ngayon lubusan tayong nagpapasalamat sa Diyos sa Kaniyang ipinakita sa atin. Nakaupo ako sa silid doon sa loob ng walong araw. At ang Mensahe na katatapos ko lamang na ipaliwanag sa inyo, marami sa inyo rito ang makakaunawa. At ipinangangako ko na may isang bagay na nagaganap, espirituwal, sa lahat ng pagkakataon, na ako ay tiyak na di n'yo nakikita iyan. At heto kung ano iyan; iya'y ang ganap na pagpapatibay ng kapaliwanagang ito ng mga Kasulatan na isinugo ng Diyos.

402 Sapagkat, ni bago pa tayo tumungo Roon, at umalis ako upang tumungo sa kanluran, ipinakita sa akin ng Panginoon ang isang pangitain isang araw, mga ganap na ika-sampu, isang umaga. At dumating ako at ipinaliwang iyon dito, na nakita ko iyon; hindi alam kung ano iyon. Iyon ay isang pagkakahanay ng pitong Anghel. Tatandaan natin iyan. Makukuha n'yo iyan sa teyp, tinatawag na, *What Time Is It, Sirs?* Buweno, ngayon, iyan tamang-tamang ang nakikita n'yo ngayon. Ang pitong Anghel . . . Ako ay nasa kanluran.

403 Natatandaan ninyo, ang munting maliit na mga mensahero; sila ay nagtungo sa silangan. Ang ikalawang mga mensahero, ang mga kalapati, ibong mas malaki ng kaunti, sila ay nagtungo sa silangan. At pagkatapos ako ay tumingin . . . Sila ay kasama ko, sa lahat ng pagkakataon. Iyan iyong Una at Ikalawang Hatak.

404 Ngayon, ang Ikatlo ay dumating mula sa kanluran, humahagibis pasulong na may lubhang napakalakas na bilis, at dinampot Nila ako pataas. Iyan ay pabalik sa silangan, kasama ang hiwaga nitong mga Pitong Tatak. Sadyang tulad ng sinabi niyon sa—sa panaginip ni Junior Jackson, na hinayaan ako ng Panginoon na makapagpaliwanag para sa kaniya roon, "Sa loob ng piramide na iyan, mayroong maputing Bato na hindi naisulat." Iyan ang dahilan kung bakit kailangan kong tumungo sa kanluran, upang iugnay sa mga Mensahe ng mga Anghel na ito, upang bumalik dito upang ihayag Iyan sa iglesya. Alalahanin, sabi ko, "Ang sumunod na mga bagay na magaganap ay magiging dito sa iglesya." Iya'y tamang-tama lamang.

405 Isa pang bagay, gusto kong mapansin n'yo kung anong naganap. At kung nakikinig kayo sa teyp, ng *What Time Is It, Sir?*, Mapapansin ninyo na ang isang Anghel ay lubhang kapansin-pansin sa akin. Ang iba sa Kanila ay tila ordinaryo lamang. Ngunit ang Anghel na ito ay isang kapansin-pansing Anghel. Siya ay nasa kaliwa ko, sa pagkakahanay sa porma ng isang piramide.

406 At, alalahanin, iyon ay nasa piramide, kung nasaan ang mahiwagang maputing Bato na hindi nasulatan. At dinala ako ng mga Anghel doon sa piramide na iyon ng Kanilang Sarili, ang mga hiwaga ng Diyos ay nahayag lamang sa Kanila. At, ngayon, Sila ay ang mga Mensahero na dumating upang ipaliwanag ang piramide na iyan, o ang Mensaheng iyan ng lihim ng Pitong Tatak na ito na nakalapag sa loob ng piramide.

407 Ngayon, ang Anghel, ay nasa kaliwa ko, ay talagang magiging huli, o ikapitong Anghel, kung bibilangin natin Sila mula sa kaliwa patungo sa kanan. Sapagkat, Siya ay nasa kaliwa ko; nakatingin ako sa Kaniya, patungo sa kanluran, Siya ay tumutungong paharap sa silangan, ay magiging sa kaliwang bahagi. Kaya, iyan ay magiging ang huling Mensahe ng anghel, napaka kapansin-pansin. Natatandaan kung paano ko sinabing taglay Niya ang Kaniyang, na ang Kanyang ulo ay nakalingon; at ang Kaniyang malalaking, patulis na mga pakpak; at kung paano Siya lumipad mismo patungo sa akin. Ngayon, iyan ang Ikapitong Tatak na ito. Ito pa rin ay isang kapansin-pansing bagay. At tayo ay. . . Hindi natin alam kung ano Ito, sa ngayon, sapagka't Ito ay hindi pinahintulutang mabuksan.

408 Ngunit ngayon, bawat isa sa inyo sa pagtitipon ay napansin iyan, Isang kakaibang pagtitipon na naganap! Lahat ay sadyang tila nasa dulo mismo ng kanilang mga upuan. At ang lahat na nakatayo sa paligid dito, ng ala-una, ganap na alas-dos ng hapon, naghihintay para sa mga pintuan na magbukas, at umakyat dito sa unahan. Nangakatayo sa paligid ng mga pader; namumulikat na mga kasu-kasuan, at lahat na.

409 Ano iyan? Iyan ay ang Banal na Espiritu na isinusugo pababa ang mga Mensaherong ito, at inihahayag Nila Ito sa atin. At pagkatapos ay pansinin kung paano Ito nagkatugma-tugma sa Salita, tamang-tama.

410 At pagkatapos upang ipaalam sa inyong lahat na ito ay Katotohanan, ipinagpaunang inihula Niya ito mga—mga dalawang buwan na ngayon, o mahigit, bago ito maganap. Na, nang tumungo ako sa kanluran, hindi nalalaman Ito; bumalik dito kasama ang kapaliwanagan na kung paano Niya Ito binigay. Ngayon tandaan, sa pangitain, wala Siyang sinabi sa akin ni isang bagay sa pangitain ng kinuha Niya ako paitaas. Ako ay natakot, natatakot na ako ay mamamatay, mapatay sa isang pagsabog. Nakita ninyo, hindi Nila magawa ito.

411 Ang kapaliwanagan ay dumating lamang ng habang ako'y nasa pangangailangan Nito, iyan ay sa silid, at ibinigay ko Ito kung paano lamang Niya Ito ibinigay.

412 Ngayon, nakita n'yo, mga kaibigan, ang mga pangitain ay hindi nabibigo. Sila'y palaging sakdal. Sila'y eksaktong totoo lamang.

413 Ngayon, ang pangitain, idagdag ang Salita, idagdag ang kasaysayan, idagdag ang mga kapanahunan ng mga iglesya, at lahat, ay nagkaka-tugma-tugmang magkakasama. Kaya, talagang masasabi ko, na, sa pinaka mainam na pang-unawa ko, at batay sa Salita ng Diyos, at sa pangitain, at sa kapahayagan, ang kapaliwanagan niyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

414 Ngayon, nawa ay pagpalain kayong lahat ng Panginoon, bawat isa, ng talagang masagana, habang tayo ay tumatayo ngayon at awitin itong mabuting lumang awitin ng iglesya. Pagpalain kayo ng Diyos, bawat isa. Amen.

415 [Idinagdag ni Kapatid na Branham ang sumunod na apat na mga linya, kinuha mula sa parapo 374 ng kaniyang Mensahe kagabi, Marso 24, 1963.—Pat.]

Ako . . . (Pagpalain kayo ng Diyos!) . . . Mahal ko Siya, (nang buo kong puso),

Pagka't una niya akong minahal.

Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville,

Ang Kapahayagan Ng Pitong Tatak
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangingilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org